*(Available in print and digital formats)*

# *Whimsical Catalog 2023*
## *Issue 1*

## Table of Contents


The Adventures of Chubby Tita

Chubby Tita Extra Rice

Poison Trilogy 1: Whiskey

Poison Trilogy 2: Chaos

Poison Trilogy 3:  Dog

# THE ADVENTURES OF CHUBBY TITA



ISINULAT NI VANESSA

# CHAPTER 1

Parang pelikulang nakikita ko sa isip ang panahong tumatakbo ako nang ganito kabilis. Sa oval ng school, umaga, PE class. Parang may pakpak ang mga paa ko. I was alive, alert, awake, enthusiastic. Puwede ako sa commercial ng rubber shoes.

But that was a lifetime ago.

*Just do it!* dikta ng isip ko.

Ang hirap lang.

Kung may nakatapat na salamin sa bibig ko, malamang frosted na. Ang pawis ko, puwede na sanang pigain, kung hindi lang ang costume ko, eh, isang bruha at kalahati ang tumahi. Sa taba kong `to, plastic na leather pa ang ginamit. Charol. Patent leather sa *soshal*. Konti na lang, liliyab na ang pagitan

ng hita ko. Hindi doon sa exciting part, kundi doon sa nagkikiskisang part—sa mga pata. Matagal nang walang exciting part sa pagitan ng hita ko. Nag-iinit na lang kapag ganito.

Kailangan ko ring maging stealthy, malapusa sa kahinaan ang volume ng galaw. Pero bawat kilos ko, umiingit. May superhero bang ganito kaingay? Bakit hindi ko na lang i-announce ang pagdating ko?

Sige ako sa pagtakbo at pag-ingit, nakataas ngayon ang mga kamay para i-ponytail ang hair. Buwisit kasing stylist `yon, sabi dapat daw flowy ang hair. Ang init kaya? Dikitan ang mga hibla sa double chin ko. Potah, ang bigat pa ng mga armas na nakasukbit sa likuran ko: isang higanteng spiked ball mace—parang higanteng masong dinilaan ni Miley sa Wrecking Ball video pero ang dulo ay metal ball na may tusuk-tusok; at isang shield na gawa sa takip ng kawa na kinabitan ng strap. I know, kailangan kong i-improve ang shield ko pero wala akong datung.

Kahit pa tumatanggap ako ng GCash.

Kailangang may magbago sa attire ko. Pero hindi ngayon ang oras para planuhin ang costume repairs. Saka ko na rin iisipin ang epekto ng pagtakbong ito sa mga tuhod kong ipinapapaalang, I'm not in my twenties anymore. May kailangan akong sagipin.

Pumasok na ako sa mataas na condo tower sa Makati. Nakita ko ang mga guard at receptionist na walang malay at nakahandusay sa sahig. Dumiretso ako sa elevator. Apat in total, wala ni isang gumagana.

"Nampucha naman, o," daing ko, masama ang loob na tinakbo ang stairs. "Potah," sabi kong nakatingala. Nasa twenty-fifth floor ang ililigtas ko. Puwede kayang bumaba na lang ang kalaban? Pagod na ang mataba.

Ako na yata ang pinaka-unprofessional "superhero" sa mundo. May kakayahan sana akong lumipad kaso naubusan ng powers ang bertud ko. Wala akong pakialam sa Marvel at DC, imported ang superheroes nila. Local lang ako kaya iba ang rules ng superpowers

ko. Kumbaga sa videoke, kailangang hulugan ng token para gumana. Eh, naubusan ng karga, kaya hindi ako makalipad ngayon at medyo pagurin. Naghihingalo na ang superpowers ko.

Hindi na ako tumuloy sa hagdan. Nagpunta ako sa kabilang building, hinanapan pa ng ID ng receptionist pero *minagic* ko para makatuloy na sa elevator. May kasabay akong isang pamilya—nanay, tatay, isang babaeng toddler, isang sanggol na karga ng nanay. Lahat sila nakatingin sa akin, lalo na ang nanay at toddler. Mukhang takot sila. Understandable.

"Costume," maiksing paliwanag ko sa nanay, naiilang dahil nalimutan kong itaas ang face covering ko.

Tahimik lang silang lahat, nasa dulo ng elevator, ang tatay parang hindi makahintay makalabas. Tahimik lang ako, nakikiramdam. Salamat at mabilis ang elevator. Bumaba na ako sa twenty-fifth floor.

Mayroong terrace ang building sa bawat unit na katapat ng pinagmulan ko. Tinantiya ko kung aling unit ang pinakamalapit sa pinangyayarihan ng kasamaan, saka binuksan ang pintuan. Buti hindi naka-lock.

Walang tao sa loob ng bakanteng unit. Tumuloy na ako sa terrace, nag-estimate ng distansiya, saka lumundag patawid sa kabilang building.

Basag ang salamin, nalaslas ng bubog ang bahaging tuhod ng costume ko. Buti naman nang mapalitan na. Parang naririnig ko na ang reklamo ng nakakaurat na stylist. Speaking of, wala pa rin ang impakta kahit na-chat ko na kanina pa—sa phone at sa hindi nakikitang koneksiyon namin. Dapat tatlo kami sa team, pero palaging late ang dalawa.

Huminga ako nang malalim, naamoy ang sangsang ng mga kalaban. Ilang unit mula sa akin. Unti-unti rin, lumalakas ang pandinig ko. Naririnig ko ang ingay mula sa kanila, parang matigas na plastic na pinaglalaruan na

parang static ng TV. Habang palapit, tumitinis ang tunog. Sa tantiya ko, apat sila sa loob ng unit.

Apat na tiyanak.

Pagbukas ko, nandoon nga ang mga pangit, nakapaikot sa isang maitim na marka sa sahig. Mga mukhang baby ang mga tiyanak pero nakakalakad. Mabuhok, puro pangil ang bibig, may abilidad magmukhang cute, pero kaharap ko sila sa natural nilang porma. Slimy rin sila, maputi, kita ang mga ugat na asul sa balat, parang fetus na nababad sa formalin sa science lab, but with hair. Pero contrary to some beliefs, hindi sila fetus. Basically, lahat ng nilalang ng lagim o NNL ay hindi mula sa mundong ito ng tao. Itong mga tiyanak in particular, sila ang mababang uri ng NNL na nanginginain ng mga tira-tira. Bottom-feeders, hindi mapagkakatiwalaan ang impormasyon nila.

"Ano, piyesta na naman kayo?" tanong ko sa kanila. "Sinira n'yo pa ang elevator."

Side by side silang bumuo ng linya paharap sa akin, tinatakpan ang mantsa sa sahig, at iyon ang purpose ko. Kailangan kong alamin kung ano `yon.

"Umalis na lang kayo kung ayaw n'yong masaktan," sabi ko. Ayaw kong kalaban itong mga ito kasi nga mukhang baby. Sino ba naman ang matutuwang manakit ng baby? Noong una, nadale na nila ako. Paglapit ko, nagpalit ng hitsura kaya kinagra ko, naawa ako. `Tapos sinakmal ako sa leeg. Hindi na mauulit ang pagkakamali.

Pumitik ako para magbukas ang lagusan ng dalawang mundo—ang mundo ng tao at ang mundo ng dilim.

"`Wag magtutulakan, lahat makakabalik sa mundo ng lagim," sabi ko, nang-iinis. Kainis naman kasi talaga, pinagod ako. Sana hindi na magpasaway itong mga kutong-lupang `to. Matatalo rin naman, lalaban pa. Papagurin pa ako. "Ano, lalaban pa?"

Alam kong naiintindihan nila ako dahil kinabog ko ang Google, may auto-translate

kapag sila ang kausap. Iba't iba rin kasi ang salita ng mga lintek na NNL.

Ayaw magsikilos. Nag-ring ang phone ko, si Tiya Patring. Hindi pa naman titigil ito kapag hindi sinagot. Napilitan akong tanggapin ang tawag.

"Tiyang," sabi ko.

Noon sabay-sabay na tumakbo papunta sa akin ang mga tiyanak. Ang dalawa, nagtig-isang kapit-tuko sa magkabila kong hita. Ang isa sa braso ko, ang isa sa tiyan ko. Initsa ko muna ang phone pataas para mabilis na madakma ang tiyanak sa kabila kong braso, sabay sipa sa lintek. Nasalo ko naman ang phone bago bumagsak sa sahig. Dapat lang, sa Home Credit ko lang kinuha at two gives to go pa.

"Ano'ng tunog `yon?" si Tiyang.

"Nasa labas kasi ako, Tiyang," sabi ko, nilagay na siya sa speaker at isinuksok sa pagitan ng dibdib ko ang phone. Dinakma ko sa tig-isang kamay ang mga tiyanak na nasa mga hita ko.

"Sana naman may ka-date ka kaya ka lumabas," sabi ni Tiyang.

Naitirik ko ang mga mata ko, sabay itsa sa mga sanggol ng dilim. Ginawa ko silang volleyball, tumama sa pader.

"Wala akong ka-date, Tiyang. Alam mo namang hindi `yan ang priority ko," sabi ko sa speaker, saka isinuksok uli ang phone sa dibdib.

Sinabunutan ko ang isang tiyanak, ang dalawa ay nagtig-isa na naman sa mga binti ko, tagiliran. Potah, kung ganito ba naman kumapit sa akin ang mga lalaki, sana walang Tiya Patring na nangungulit ngayon tungkol sa love life ko.

Dinaklot ko sa buhok ang tiyanak, pinaikot-ikot sa ere, sabay shoot papasok sa lagusan.

"Ang akin lang, kailangan mong sumubok. Hindi naman por que diborsiyada ka na, wala ka nang pag-asa sa mundo. May ikalawang glorya, anak. Tandaan mo `yan. Nakita mo ang nangyari kay Kimberly, iyong anak ni

Trining. Hindi ba't nang iwan ng asawa'y mukhang binugbog na kalamay? Ba'y nagpaganda at ngayon nakadale pa. Kaya ikaw, may pag-asa ka. Eh, nadinig ko si Mely, iyong apo niya pala, eh, nakakuha ng *Merkano* sa Internet. Iyong swipe-swipe. Naisip agad kita, anak..."

Hindi pa sapat na ginawang merienda ng mga tiyanak ang pata ko, narinig ko na naman ang pangaral ni Tiyang na itinalaga ang sarili bilang tagasubaybay ng aking pagkatabang-tabang na love life. Panay payo siya habang binibigwasan ko ang isa pang tiyanak.

Pikon na pikon kong dinagit sa batok ang isang baby halimaw na nasa tagiliran ko. Initsa ko sa ere, saka sinipa papasok sa portal. Napahawak ako sa magkabilang tuhod, taas-baba ang dibdib sa pagod.

"Alam ko namang medyo desperada ka na..." patuloy ni Tiyang Patring.

Hinawakan ko sa pinagdikit na binti ang isang tiyanak at ginawang baseball bat sa

sinipa kong isa pang tiyanak na nagsilbing bola.

“Tama na! Tama na!” pakiusap ng huling tiyanak. Naiintindihan ko ang salita ng lahat ng NNL.

“Ano ba’ng ginagawa mo, bakit ka hingal na hingal?” si Tiyang Patring sa speaker.

Binitiwan ko ang tiyanak, saka dinukot ang phone na sumiksik sa boobs ko. “Nasa gym po ako, Tiyang.”

“Ay, magaling! At nang mabawasan ang taba mo. Baka makahanap ka na ng ikalawang glorya kapag ganyan. Eh, `di *solb* na ang problema ko.”

Humugot ako ng hininga, nagtimping sabihing hindi ako desperada, hindi naghahanap ng ikalawang glorya dahil wala namang una in the first place, hindi niya ako problema dahil hindi ako problema, at lalong wala akong balak pumayat para lang makahanap ng lalaki. Kaso paano ko naman sasabihin kay Tiyang kung alam kong mas okay nang ako ang pinagtitripan niya kaysa

iyong heartbreak niya sa pagkatiwalag sa kulto.

“Tiyang, sige na po. Magkita na lang tayo sa Linggo,” sabi ko na lang.

“Sige. Inimbitahan ko doon `yong anak ni Wena,” tukoy niya sa kalaro ng Mahjong. “Desperado rin `yon at naiputan sa ulo ng asawa. Baka kayo pala ang magkakatuluyan. Gandahan mo ang suot mo at ibinida kita doon.”

“Sige na po, Tiyang,” sabi ko, masama ang loob. Kilala ko ang anak ni Tita Wena. Negosyante `yon, may pasipsip poso negro service business. Okay lang naman ang ganoong negosyo, pero kailangan bang pati hitsura parang poso negro rin? So sa tingin ni Tiyang, sa ganoon ako bagay? Hindi naman sa pag-aano, pero halos hawig iyon nitong mga kalaban ko ngayon.

“Uuwi na ako,” angal ng tiyanak, nakasimangot, mukhang landgrabber na politiko. Babae, nakakaumay ang mukha.

“Uma-attitude ka pa?” sabi ko, pika na.

"Bakit, napag-utusan lang naman kami, ah."

"`Yon nga ang issue, `teh. Kahit tanungin kita kung sino ang may kagagawan, magsisinungaling ka lang. `Tapos, nginatngat mo pa ako!"

"Kahit mapudpod ang mga pangil ko, hindi ka mauubusan ng padding sa katawan sa taba mong `yan."

Tinadyakan ko nga. Tumalsik siya papasok sa portal na agad kong sinara. Ito ang kagandahan ng misyon ko, ubrang maging bayolente sa mga kaaway. Ako pa aasarin nila? Palaging mainit ang ulo ko.

Nilapitan ko na ang mantsa sa sahig. Hula ko, dangal ng kung sino. Huli na ang lahat. Naunahan ako dahil walang tumawag sa akin, naramdaman ko lang ang ganap. Nagawa nang ihiwalay ng mga tiyanak sa may-ari ang dangal nito. Kunsabagay, madami namang nagbebenta ng dangal kahit pigilan pa, kahit masama ang kapalit.

For personal gain ng mga nagbenta ng dangal ang karaniwang kapalit. Halimbawa, mas mahabang buhay para sa mga politiko o negosyante; o pagkapanalo sa kaso, eleksiyon, laro; sandamakmak na pera, at iba pa. At para naman sa mga NNL, ingredient para sa mga potion nila ang nakukuha sa mga mortal.

Pinagmasdan kong maigi ang mantsa. Hindi pa ako masyadong sanay kumilala ng mga ganitong clue. Hindi ako ang expert. Naupo na lang muna ako sa sahig, nag-cell phone, natutuksong ilabas ang mahiwagang kristal para isumbong sa supervisor namin ang dalawa kong kasama. Pero hinayaan ko na.

Naging busy ako sa social media. Gumawa ng event sa Facebook si China, ang apo ni Tiyang Patring. Invited ako. So far, wala pang nag-RSVP pero sigurado namang a-attend ang mga kaanak namin. Solid ang pamilya pagdating sa mga ganoong okasyon, may iisang isip.

At kapag hindi ako uma-attend, malamang na ako ang gawing pulutan.

Parang isang malaking kasalanan sa mundo ang maging "diborsiyada" at mataba.

Technically, hindi ako diborsiyada dahil wala namang divorce sa Pilipinas. Nagpa-annul ako ng kasal at doon naubos ang kabuhayan ko dahil in the first place, hindi naman ako mayaman. Pero, *juskoh*, ayokong mamatay na tangay pa rin ang apelyido ng ex ko. Siguro kung isusulat sa lapida ko ang pangalan kong may apelyido ng ex ko, malamang na hindi na ako malagay sa tahimik.

Sabi ng iba, huwag na huwag ko raw ipa-annul ang kasal para forever kabit ang ipinagpalit sa akin, pero ano ako, bale? Bakit ko titiising nakadikit sa pangalan ko ang apelyido niya? Noong araw kasi, hindi naman kalat ang balitang puwede palang hindi magpalit ng apelyido ang mga babae. Kunsabagay, sa sobrang pagka-in love ko

noon, malamang naman na bitbitin ko rin ang apelyido ni Kupal.

O, bakit? Totoo naman. Hindi ba kupal lang ang gagawa ng ginawa sa akin ng lalaking `yon? Wala nang trabaho, nangabit pa. Not once, not twice, not thrice, but so many times! At nang mauntog ako sa wakas at hiwalayan ko na, nag-house to house pa sa mga kaibigan at kaanak ko para siraan ako. Ang masaklap pa, pinanigan ng ilan kong tiyuhin. Patawarin ko na lang daw dahil "normal" daw sa lalaki ang mapatingin sa iba. Bakit daw hindi ko subukang magdiyeta para hindi na tumingin sa iba ang asawa ko.

Parang kasalanan ko pa!

Hindi naman ako naging payat ever since, pero hindi ako ganito kalaki noon. Mabilog ako noon pa pero hindi masyadong overweight. Noong nag-asawa ako, unti-unti akong tumaba dahil sa stress. Emotional eater ako. Isa pa, hindi madaling bumuo ng buhay kung ikaw ang breadwinner at maluho ang asawa mo.

Noong una, okay lang. Na-lay off si Mister, nahirapang maghanap ng ibang trabaho. Nangabit. Nakipag-away ako, nag-sorry siya, nakakita rin ng work, pero nakakita rin ng babae. Na naman. Mas mayabang na dahil may pera na. Ginawa ko ang lahat hanggang sa halos mawalan na ako ng respeto sa sarili ko. Siguro dahil lumaki ako sa environment kung saan hindi okay ang mahiwalay sa asawa. Ayokong maging "ganoong klaseng babae." Hindi rin ako mabuntis noon. Siguro dahil sa stress. Pero ngayon, salamat na hindi kami nagkaanak. Kung nagkaanak kami, `di hanggang ngayon nakikita ko ang pagmumukha ng animal.

Bitter daw ako... Weh, ano? Masama bang ma-bitter sa ginawa niya sa akin? Iyong sobrang insulto na hindi niya mapigilang mambabae? `Yong parang magkakasakit kapag hindi nambabae? Ako pa talaga ang pinintasan ng mga babae niyang ang lalakas ng loob ipamukha sa akin na mataba ako.

*"Mag-diet ka kasi para hindi ka iniiwan ni Mark."*

*"Kailangan pa raw niyang imagine-in ako kapag kasama ka pero iba sa pandama niya ang bilbil mo."*

*"Akala raw niya noong pakasalan ka, iyong lechon sa reception lang, pero ilang taon pala niyang makakatabi gabi-gabi sa bahay."*

Ang tindi ng mga sinabi ng mga babae, `di ba? Grabe akong na-body shame, puwes, gumaganti ako nang mata sa mata. You body shame me, I will body shame you. If you go low, I will go lower. Isa lang naman ang reply ko sa kanilang lahat: "*`Di sa `yo na. Sana umabot man lang sa bagang mo ang putotoy niya.*"

Tanga raw ako sa lalaki, sabi ni Mommy noong buhay pa siya. Siguro nga. Mahilig ako sa reject. At ang nag-iisang ex kong matino, mabilis kong binitiwan. Walang-wala sa ginawa kong sakripisyo kay Kups na ipinaglaban ko pa.

Napaka-unfair ng mundo. Bakit ako ang napag-iwanan ng tagumpay? Bakit si Kups, ang ganda na ng posisyon sa kompanya? At ang hunghang, nagpakasal agad sa iba noong bumaba ang annulment namin. Pinagastos lang ako. Hindi talaga ako hinatian. Ang sama talaga ng ugali. Ang pangit naman—hugis Frankenstein's monster ang mukha, may overbite, maitim ang gilagid, kapag tumawa kita ang kaluluwa, at tagos sa balat ang kaitiman ng budhi.

Love is blind, bakit ba?

Habang madaming pera si Kups, ako naman ang naghirap. Paano, ang dami kong utang na kinailangang bayaran, mga utang namin na sa credit card ko pumasok lahat, mga utang sa tao, loans, at iba pa. Hindi ko na siya hinabol kahit ang dami ko pang gagastusin. Sa totoo lang, ayoko na siyang makita noong time na `yon. Sabi ko, sige, sasagutin ko na ang lahat kaysa naman makipagbardagulan pa ako sa pangit na `yon.

Mahal pala ang peace of mind.

Nagsara ang kompanyang pinapasukan ko kung kailan overage na ako para sa ibang trabaho. At sa totoo lang, wala na akong energy mamasukan na naman. Ang ginawa ko, nilagay ko sa napaka-unglamorous business ang natitira kong pera habang iniisip ang next move ko. Nagtayo ako ng sarisari store.

Ipinagpalit ko ang corporate sa simpleng tindahan. Nabayaran ko na rin naman ang mga utang ko, wala naman akong masyadong needs. Gusto ko lang siguro na hawak ko ang oras ko, kahit pa nga kailangan ko pa ring gumising nang maaga araw-araw. `Yon lang, may time akong gumawa ng kung anu-ano kapag walang bumibili. Hindi ko na rin kailangang sagupain ang traffic araw-araw.

Ang pakiramdam ko kasi noon, unti-unti na akong nauupos sa monotonous na buhay ko. May mga umagang ayaw ko nang bumangon dahil ganoon na naman aandar ang buong araw ko. Makikisama ako sa mga katrabahong hindi ko kasundo, ngingiti sa

boss na tanga pero na-promote dahil sa office politics, magiging privy sa affairs sa office kahit ayaw ko namang malaman.

Higit sa lahat, ayoko nang mapilitang mag-perform tuwing Christmas party kahit wala naman akong talent.

So sarisari store it is. Pero hindi ko inakala na bigla akong puputaktihin ng mga kaanak kong nag-aalala sa lagay ko. Nabaliw na raw ako mula nang iwan ng asawa. Kasi nang maibaba ang annulment, doon ako nagtayo ng tindahan. Pero hindi dahil tuluyan nang naputol ang marriage bond, kundi dahil sa wakas, wala na akong babayarang lawyer's fee tuwing may hearing at iba pang gastusin sa lintek na annulment proceedings. I was finally free.

At teka, hindi ako iniwan ng asawa ko. Ako ang nang-iwan. Nakiusap pa nga sa akin na tanggapin ko siya uli. Nang hindi ko tanggapin, siniraan ako sa sambayanan. Kups nga, eh.

Pero sa lahat ng `yon, tama pa rin ang desisyon kong magsimula ng sarisari store dahil walang lulugaran sa corporate world itong sideline kong pagiging superhero. Iyon lang, need ko ng datung kaya nag-iisip na rin ako ng magandang sideline.

Naramdaman ko ang dalawang presensiyang papalapit. Mayamaya, pumasok sa pinto ang dalawang tao—isang beki at isang babae. Ang beki, balingkinitan, kasing-tangkad ko sa height na five-six, silver ang lipstick, wingtip ang eyeliner na asul, shoulder-length ang straight at asul ding buhok. Kinabog ang attire ko dahil ang kanya ay catsuit na blue and silver, may kulay-silver na kapa na mataas ang nakatayong collar—parang iyong kay Queen of Hearts sa Alice in Wonderland. Alalay ko `yan pero mas matindi pa ang attire sa akin. Siya rin ang gumawa nitong suot kong napakainit sa katawan.

Ang kasama niyang babae ay naka-gown na violet. Mukhang nirentahan sa kung saan,

malamang ukay find dahil ukay seller siya. Mermaid cut ang gown, bakat ang puson ng may suot. Hindi naman kasi kailangan ng costume pero nire-require nitong impaktang beks. Kailangan nga na hindi kami makikita ng madla, pero parang a-attend ng cosplay ang grupo.

"Tiyanak," sabi ni Juan Carlos, ang beks, "Jun-jun" sa pamilya niya pero iginigiit ang bansag sa sarili na "Juanee," tunog ibang version ng "Giovanni." Naupo siya sa tabi ng marka sa sahig at sinalat iyon. "Alam ko kung nasaan siya."

"Malayo?" tanong ni Ivana, the purple lady, nailagay ang isang kamay sa baywang, astang aburido. "Banang" ang tawag sa kanya ng lahat, pero dahil may influencer na nagpasikat ng totoo niyang pangalan, ginamit na niya `yon.

"Medyo."

"Tsk," angal ni Ivana, naipadyak ang paa. "Baka naman puwedeng `wag na lang kayong magpakita sa tao? May date ako, eh. Wala

akong time linisin ang kalat n'yo. `Eto na ang pag-asa ko."

"Paanong ito ang pag-asa mo, eh, hindi ka nga susuwertehin hangga't hindi mo nagagawa ang misyon mo?" sabi ko.

"`Wag mo nga siyang itulad sa `yo," sabi ni Juanee, nakataas ang isang kilay. Mainit ang dugo sa akin nitong buwisit na ito, eh. "Siya hopeful pa, ikaw bitter. Hayaan mo siya. Sige na, Ivana, kami na ang bahala dito."

Bigla akong tumayo, namaywang. "Bakit, ikaw ang team leader dito?"

"Dapat talaga ako. Hindi ko alam kung bakit ikaw!"

"Bakit, gusto ko bang saluhin itong sumpang `to?"

"Bakit, gusto ko rin ba?!" singhal niya sa mukha ko.

"Guys, guys, kalma," singit ni Ivana. "Ganito. Hintayin n'yo na lang muna ako sa date ko. Pagkatapos, saka natin tugisin `yong kalaban."

"Wala akong balak maghintay habang nakikipag-date ka, Ivana!" angal ko. Ano ako, chaperone? Isa pa, wala akong balak manood sa lampungan ng iba! Naaalibadbaran ako! Lalo na itong jologs na Banang na `tong napaka-OA sa jowa. Paano kasi, gagawin ang lahat para makabingwit ng afam. Afam hunter yata ang job description ng bruha.

Bukod pa doon, saglit lang naman naming haharapin ang taong nagbenta ng dangal o kung anuman. Aalamin lang namin kung ano eksakto ang binenta at kung sino ang bumili, saka namin ire-report sa supervisor namin, si Danib.

Humirit si Juanee. "Pabayaan mo nga siya. Hindi por que hindi ka na liligaya pa, pipigilan mo na ang lahat na lumigaya."

"Sino namang nagsabi sa `yong hindi na ako liligaya pa?! Ikaw ang hindi liligaya dahil sa ipinagyayabang mong pagka-fresh mo `kamo, wala namang nagtagal na lalaki sa `yo. Ano, hindi ba totoo? `Yong huli mo nga raw,

binilhan mo pa ng Fortuner pero ipinagpalit ka pa rin."

"At least pogi. `Yong sa `yo mukhang sunog na talong na may ngipin."

Bubulyawan ko na sana pero umawat si Ivana. "Pareho kayong naloko ng mga lalaki dahil pareho kayong desperada, kaya puwede ba, bigyan ninyo ako ng *tsans* na makakita ng akin? Matagal ko nang binuburo itong pagka-*beer-gin* ko, at naghahanap ako ng pagbibigyan."

"Virgin ka? `Tapos ang ka-date mo, six-footer na itim?" bulalas ni Juanee.

Napamulagat ako. "Sure ka, Ivana?"

"Ano'ng masama doon? Patunayan ko raw sa kanya na hindi ako nagsisinungaling, hindi tulad noong ibang mga Pinay na ka-chat niya. Eh, `di patunayan nang madala sa `Merika."

Nagkatinginan kami ni Juanee. Sasampalin ba namin ng katotohanan itong si Ivana na alanganing wise at alanganing igno? Sa isang banda, totoo naman ang sinabi nila—bitter ako. Dahil alam ko na ang

kalakaran sa mundo. Pero sapat ba `yon para pigilan ko si Ivana at hindi na niya maranasan ang lahat nang may innocence? Karapatan niyang i-enjoy ang buhay—mapait man o masaya—nang siya mismo ang nakaka-discover niyon, ng buong karanasan.

Pero hindi siguro masamang magbabala para hindi rin naman madenggoy. Minsan kasi tatanga-tanga itong si Ivana, sa true lang.

Mukhang hihirit si Juanee, na alam kong mas kayang ipaliwanag ang sex aspect ng lahat kay Ivana, pero mukhang nag-alangan din siya. Hindi kaya ma-trauma itong virgin kung isusuko ang Bataan sa isang itim na six-footer?

Naghintayan kami ng magsasalita. Kung may nakatingin sa amin mula sa malayo, siguro magtataka kung ano ang ginagawa ng tatlong taong magkakaiba ang aura sa lugar na iyon, naging isang grupo kahit sa ordinaryong pagkakataon ay hinding-hindi magkakasundo.

Ganito kasi `yon...


CHUBBY TITA
EXTRA RICE
ISINULAT NI VANESSA

# CHAPTER 1

Naiinis si Ligaya dahil paputol-putol ang connection ng internet. Kung kailan naman kasarapan ng chat. Naririnig niya ang pamilyar na ugong ng dial-up modem. Kumukonekta pa rin ang tauhan sa internet.

“Matagal pa ba, kuya?” tanong niya sa lalaking tumatao sa shop. Iyon ang pinakasubok ang connection sa area. Kalimitan ng mga customer ay Koreano kaya kakaiba ang setting ng mga computer, kailangan ding mag-log in sa English bago magamit. Pero dahil iyon ang pinakamaganda sa area na iyon, no choice si Ligaya.

She liked chatting. Iyon ang bisyo niya. She also loved hanging out with her friends. Tulad ngayon, tatlo sila sa internet café. Madalas silang nakikipag-eyeball sa kung sinu-sino lang. Usually, hi and hello lang naman. Kung minsan, niyayaya sila sa gimmick. Sa Makati ang apartment niya kaya malapit sa mga gimmickan. Kung hindi nila type sa Makati, malapit din lang ang Malate. Kung minsan, dumadayo pa sila sa Quezon City.

"Hindi maka-connect," sabi ng kuyang tao sa shop.

Iniwan na muna ni Ligaya ang computer at lumabas, kasama ang ibang mga kasama na nagyoyosi. Mahirap ding makapag-send ng text message, nangangain pa ng load ang network.

Habang nagyoyosi, panay ang anggulo nila ng kanya-kanyang phone, naghahanap ng signal para makapag-send ng message sa mga ka-chat at kaibigan. Si Ligaya ay nagse-send ng message sa mama niya. Pinauuwi siya nito

sa weekend, nakigamit lang ng cellphone sa kapatid.

*Uuwi po ako, mama. Pero saglit lang kc may pasok ng mon.*

Pero ayaw pumasok ng message. Alam niyang maiirita na naman sa kanya ang ina dahil ilang ulit na niya itong hindi nasisipot. She was enjoying life as a single office girl who had her first taste of freedom after years and years of staying inside the house, never allowed to have fun with friends at all. Kahit na overnight noong college paggawa ng project, ayaw siyang payagan kaya karaniwang sa kanila na lang gagawin ang project pero bawal ang boys. Bawal na bawal din ang yosi at alak. Lights off na rin ng alas-onse. Kaya karaniwang hindi masaya ang lahat. KJ daw.

Katwiran naman ng mama ni Ligaya, kung totoong gagawa lang ng project ay bakit hindi puwedeng bantayan ng magulang? Pagdating naman sa boys, iyon ang istrikto nitong batas sa bahay na may mahigpit na katwirang, *"Ako ang masusunod sa pamamahay na ito!"*

Kadalasang binibigay na lang kay Ligaya ang mga kailangan niyang gawin sa project at nakahiwalay niyang gagawin iyon dahil sa sobrang istrikta ng mama niya. Hindi rin siya makapag-volunteer maging group leader dahil sa sistema ng ina.

Ang dahilan ng kanyang ina, pangako raw nito sa kanyang ama na siguruhing hindi siya mag-aasawa o mabubuntis bago siya makapagtapos. Iyon kasi ang fear ng mag-asawa, dahil siya ay nabuo nang hindi pa nakakapagtapos ang mga ito. Bagaman nagtapos din naman ang kanyang ina later on, ang kanyang ama ay hindi na natupad ang pangarap na maging engineer. He was busy being a father then, and supporting a wife who was studying and a child who went to the best schools they can afford.

Ang ama ni Ligaya ay pumanaw noong fifteen siya. He had been sick for a while, but never bothered going to the doctor. Palagi nitong sinasabi na wala naman daw gagawin ang doktor kundi magpa-test at bigla na lang,

ang dami nang sakit ng pasyente. By the time he went to get checked, it was too late. Pero tinangka nila itong sagipin. Ibinenta ng mama ni Ligaya ang bahay para sa radiation therapy, pero hindi na rin kinaya.

Ang nakabili ng kanilang bahay ay isa ring kamag-anak abroad. Sila na rin ang pinagrenta sa bahay hanggang sa makapagtapos si Ligaya ng college. Sa panahon na iyon, nagdesisyon ang mama niya na pumisan na sa ina, kay Lola Toring, kasama ang dalawang kaibigan niyon.

Ligaya was given the option to stay there as well, as she was trying to figure things out. Ang dahilan ng kanyang ina, `tapos na ito sa pagpapaaral sa kanya at ngayon ay gusto nang makapiling ang ina. Hindi ito nag-resign sa trabaho pero nagpalipat ng ibang branch na malapit kay Lola Toring.

Noong bata pa si Ligaya, gustong-gusto niyang magbakasyon kay Lola Toring, kahit pa nga hindi niya masyadong feel na isa iyong totoong bakasyon dahil malapit din lang

naman sa bahay nila. Lagpas dalawang oras lang naman ang biyahe noong panahong hindi pa gawa ang kalsada.

Malaki ang lupain ni Lola Toring, napakadaming puno at iba pang pananim, at higit sa lahat ay mga kuwento ng kababalaghan. She could've sworn she saw the friendly kapre who was friends with her Lola Toring one night. Pero siyempre, pinagtawanan lang siya ng mama niya.

Gayunman, wala na siyang balak na pumirmi at magbakasyon nang matagal pagka-graduate. In fact, wala siyang balak at all na magpahinga. She was rearing and ready to go experience the world. Para nga kasi siyang nakulong nang ilang taon sa bahay, hindi magawa ang sa palagay niya ay ginagawa ng lahat ng kaedad niya sa mundo.

Nagpaalam siya sa ina na maghahanap na ng trabaho at nabigla nang pumayag ito agad. Totoo nga ang sinabi nito noon na basta makapagtapos ay puwede na niyang gawin ang lahat ng kanyang gusto. Nabigyan na raw

siya nito ng armas para harapin ang lahat—edukasyon. Humayo na raw siya at gawin ang sa tingin niya ay nararapat.

The first thing she did was find a job. Mabilis siyang natanggap. Naghanap siya ng apartment at nagpakasaya sa buhay niya. She was earning well, enough to make rent, party, and save some for a rainy day. Nakakapagbigay din siya sa ina, hindi nga lang ganoon kalaki at ayaw din naman nitong tanggapin, ang palaging sinasabi ay ipunin na lang daw niya ang lahat para makabili siya agad ng bahay.

Hindi naman siya nagmamadali dahil hindi pa niya naiisip ang mga ganoon. Una, nasa Makati ang trabaho niya at hindi siya makakabili agad doon ng bahay o condo. Kailangan niya munang pag-ipunang maigi. Pangalawa, gusto niya talagang ma-enjoy ang pagkadalaga. She wanted to meet people, party, experience life.

She wanted a boyfriend.

Iyon ang pakiramdam niyang kailangan niyang maranasan, kahit pa nga nagkaroon na rin siya ng dalawa, parehong boyfriend-boyfriend-an lang. Masabi lang na boyfriend. Ni hindi nga niya nagawang ipakilala sa mama niya ang mga iyon. Nakilala lang niya sa chat at naging boyfriend agad. Ang isang relasyon ay tumagal ng dalawang buwan, kung saan apat na ulit lang silang nagkita at sa chat lang nagkakausap halos. The guy was from Alabang so it was hard to meet up all the time. Nakipag-break siya rito dahil tinamad na siya. Wala rin siyang feelings para sa lalaki kaya hindi niya feel na boyfriend niya ito. Walang dating.

Ang pangalawang boyfriend niya ay nakilala rin niya sa chat. Tumagal sila ng tatlong buwan. Pero tulad ng una, halos hindi sila nagkikita dahil taga-Cavite naman ito at sa tuwing uuwi lang siyang Cavite saka niya ito nami-meet. Sa isang iyon, medyo may kaunting ganap dahil nagkaroon siya ng first kiss at kaunting make out. But that's it.

Nakipag-break siya after ng make out session nilang matabang dahil… well, matabang. Walang spark. She honestly felt like she was being taken advantage of. Ganoon pala ang pakiramdam kapag hindi mo mahal o feel ang boyfriend mo. Kissing and any intimacy felt like something you wouldn't want to do.

Ngayon, naghahanap na naman siya ng love life sa chat. It was the most convenient, maybe not "realistic" but she was just having fun anyway. Masyado pa siyang bata at tama naman ang sinabi ng kanyang mga magulang na hindi magandang mag-asawa agad. Dapat daw na magpakasawa muna siya sa pagkadalaga.

Ang hiling lang ng kanyang ina, umuwi siya kapag may oras at matanda na raw ang kanyang Lola Toring. Pero sa weekend na darating, parang ayaw niyang umuwi dahil may reunion. Mahal niya naman ang pamilya niya pero nakakainis kapag nagsama-sama ang angkan, wala nang nakita kundi ang desisyon niyang magtrabaho sa Manila. Bakit

daw kailangan pa niyang lumayo, may trabaho naman daw sa malapit. Ang laki na raw ng ipinayat niya at nakita raw siyang nagbibisyo.

May isa kasi siyang malayong pinsan na nakatira sa tapat ng apartment na nirerentahan niya. Hindi naman eksaktong tapat at sa loob ng compound nakatira, pero napaka-tsismosa! Nakita kasi siyang nagyoyosi one time, aba, ipinagkalat na. At nang makarating sa kanila, ang tsismis na ay nagbibisyo siya. Umuuwi rin daw siyang lasing. Hindi naman siya umuuwi nang lasing sa ganoong paraan, na para bang gulapay na siya o kung anuman. Siguro nakitsismis sa mga kapitbahay na nakakita sa kanya nang ihatid sa bahay ng mga kaibigan. Madalas namang mangyaring nag-inuman sila at kapag hinatid siya ay maingay sila. Kung minsan naman ay sa bahay niya nag-iinuman at nagkakasiyahan lang naman. Ni hindi nga sila nagka-karaoke!

Pero mukhang hindi niya malulusutan ang reunion at mukhang mainit na ang ulo ng mama niya.

Sa wakas, na-send na ang text message. Bumalik na siya sa internet café at nakipag-chat hanggang alas-diyes ng gabi, saka naglakad pauwi. Matao sa lugar niya, kadalasan ay tulad niyang nag-oopisina. Suwerte siyang nakakuha ng murang apartment na malapit sa lahat.

She looked around her house. TV, VCD player, sandamakmak na CDs, magandang furniture. Para sa kanya ay malaking accomplishment na rin kahit paano ang mga gamit na naimpok. Bahay na lang ang kulang, pero maano ba at darating din siya doon. Hindi nga lang ngayon.

Umandar ang mga araw at Friday na. Nag-insist ang kanyang mama na tumuloy na siya Alfonso, Cavite imbes na ipagpabukas iyon kaya maaga siyang nag-time out. Nag-bus siya pauwi at sa kanto papasok ng Alfonso ay naabutan na ang mga pinsan, sinusundo na

siya. Iyon naman ang kagandahan ng malaking angkan na lahat ay active, palaging may susundo, palaging may napapakiusapan.

*This isn't so bad,* sa isip-isip niya kahit panay ang kantiyaw ng mga pinsan na "Manila Girl" na siya. What can she say, mababaw ang kaligayahan nila. Madami siyang pinsan na mananatili sa probinsiya dahil iyon talaga ang kadalasang nangyayari since madami sa mga ito ay may-ari naman ng mga lupa.

Nang makarating sa bahay ni Lola Toring ay may hapunan na nakahanda para sa lahat. Nagmano siya sa ina at sa mga tiyahin, maging sa Tres Marias na binubuo ng kanyang lola at dalawa pa nitong kaibigan na doon na nakatira sa bahay. Noon pang bata siya, magkakasama na ang mga ito for some reason. Somehow, hindi na naging mahalaga ang dahilan, basta't parang lola na rin niya ang dalawa pang matanda.

Linggo pa ang reunion kaya nagsiuwian na rin ang ibang mga pinsan na karamihan ay sa Cavite rin nakabase.

Nang makapaghapunan, nakipagkuwentuhan muna siya sa ina pero naiinis dahil wala halos signal. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit ayaw niyang umuwi, parang nasa ikapitong bundok ang farm, palaging mahirap makatanggap at makapag-send ng text message.

"Sigurado kang `yan ang napipisil mo, Toring?" si Lola Guaring, isa sa Tres Marias.

"Oo, `yan nga," si Lola Toring.

"Sigurado ka? Baka maiging humanap ka ng ibang sanay dito sa atin at iyong hindi lulong sa modernong panahon."

"Napanaginipan ko siya," si Lola Toring.

Hindi na lang pinansin ni Ligaya ang usapan ng mga ito. Siya ba ang tinutukoy? Hindi niya sigurado pero sure siyang hindi sasabihin sa kanya ng tatlo. May ganoong gawain ang mga ito, madaming inside jokes at kung anu-ano pa. Parang palaging may lihim.

Ang sabi ng mama niya noon, pabayaan na lang daw niya dahil mahilig maniwala sa mga kababalaghan.

Parang umandar ang mundo at naiwan ang maliit na bahaging iyon ng Alfonso, kung saan hindi nalalaos kailanman ang mga maligno, nuno, tiyanak, kapre, tikbalang, at iba pa. Bata pa lang siya, mabilis nang magkabit ng kung anu-anong bato o kristal ang kanyang lola sa kanya, nakuha raw sa kung sinong albularyo. Kadalasang nakatahi sa tela ang bato o kristal, saka ipeperdible sa damit niya. Proteksiyon daw. Laban saan? Hindi niya alam.

Hanggang sa dumating ang time na hindi na bagay sa getup niya ang palaging may sabit na kung ano. Natatanong na rin siya sa school kung para saan ang mga agimat niya. Pinagtatawanan na siya. Kaya ang mga burloloy na bato ay sa bag na lang niya inilipat, hanggang sa makiusap na siya sa ina na iiwan na lang sa bahay ang mga iyon.

Pumayag naman ito. Nakaka-relate sa struggle ng agimat at hiwaga ng Tres Marias.

Bata pa lang siya, naririnig na niya ang mga mahiwagang usapan ng tatlo, at kahit mga pinsan at tiyahin niya. Para bang may pretend world ang mga ito. Siguro, tulad lang din ng mga sinaunang tao, lalo na sa Cavite, na naniniwala sa mga agimat na sa tingin ni Ligaya ay pinauso ni Ramon Revilla noon sa mga pelikula. Nardong Putik era. She remembered all the stories.

Tuwing Semana Santa noong kabataan at gusto niyang maki-in sa mga metal at siya ay anti-hip hop, nakikinig siya ng Metallica bilang *japeyk* na rebelde siya. Palagi siyang sinasaway ng ina dahil patay daw ang Diyos sa panahon na iyon at ang mga alagad ng dilim ay naglipana. Kasama na raw doon ang Metallica na mga Satanista.

Dahil fake na metal, natatakot naman siya at hindi na muna nakikinig ng rock. Baka nga mga Satanista, ano ba'ng malay niya? Sa mga ganoong panahon din daw kailangang mag-

orasyon ng mga may agimat. May isang lugar daw na pinupuntahan ang mga may alagang agimat at dinadalasan doon. Kaya raw wala ang Tres Marias sa tuwing Semana Santa.

Ang bata raw na takbo nang takbo at kain nang kain ng matamis na tulad niya, sasabog ang appendix at dahil patay ang Diyos, matagal daw iyon gagaling, tulad ng lahat ng mga sugat na nakuha kapag patay ang Diyos. Kasama raw doon ang bulok na ngipin na mas mabilis mangyari kung ganoong panahon kaya bawal ang kain nang kain ng matamis. Bawal ang candy sa mga bata. Kaya takot na takot si Ligaya noon, hanggang sa hindi na bawal kumain ng mga matatamis, at hindi na rin siya nagtutumakbo kasama ang mga pinsan sa malawak na lupain ng lola, pero takot pa rin siyang magpatugtog ng Metallica kapag Mahal na Araw.

"Kayo ba'y nakapili na?" tanong ni Lola Toring sa mga kaibigan.

Sumagot si Lola Juaning. "Sa palagay ko'y si Kikay ang sa akin."

"Aba'y bakit hindi pa iyong bakla, tutal naman hindi iyon makakapag-anak? Si Kikay may pag-asa pa."

"`Kuu, ano bang bakla ang sinasabi mo, Toring? Hindi bakla si Juan Carlos. Nagkataon lang na medyo malambot. Hindi kasi pinag-aral sa public school ang batang iyon. Makikita mo at magiging maton din iyon."

Tumawa sina Lola Torinat Guaring. Kahit si Ligaya ay gustong matawa dahil kilala niya si Juan Carlos. Apo ito ni Lola Juaning at baklang-bakla. Tikwas ang mga kamay at mahilig sumayaw sa harap ng salamin. Kapag sumasayaw ito, may lambot ang bawat galaw at alam ng sinuman na ito ay sa lalaki rin may crush.

"Heh! Tumigil kayong dalawa! Ay, kung talagang walang pag-asa, eh, `di siya."

Gusto na talagang magtanong ni Ligaya kung ano kaya ang pinag-uusapan ng mga ito at bakit siya raw ang pinili ni Lola Toring.

Pero baka naman kung anong kuwento-kuwento lang dahil nga weird ang mga ito.

Mayamaya, pumasok na rin siya sa silid. Madaming silid sa bahay at may sarili siya. Payapa siyang nakatulog at kinabukasan ay katulong siya sa paghahanda ng mga pagkain para sa reunion. Nakakainis lang dahil hindi na tumunog pa ang kanyang phone. Kailangan niyang lumayo para makasagap ng signal pero hindi niya magawa dahil siguradong mapapansin.

Naggayat na lang siya nang naggayat hanggang sa manakit na ang braso, saka siya nagpaalam nang wala na masyadong gawain. Naghanap na siya ng signal at malayu-layo sa bahay siya nakakita. Mga kaibigan lang niya naman ang nag-text, officemates. Halos isang oras siyang nag-cellphone, saka bumalik sa bahay.

Kinabukasan, hindi na siya ginising nang maaga dahil madami nang tutulong sa pagluluto. Alas-diyes na siya bumangon at nakitulong sa setup ng buffet. Mabuti at hindi

siya ang napansin sa reunion kundi ang isa nilang pinsan na mag-aasawa na. Nakatagpo ng mayaman.

"Suotan mo ng helmet, Pio, at baka biglang mauntog," ang sabi ng mga matatanda.

Maagang nagsimula ang inuman at maaga ring natapos. Linggo kasi, may trabaho ang iba kinabukasan. Nagliligpit na sila nang sabihin ng tiyahin ni Ligaya na ubusin nila ang alak

"Naku, Tiyang, maaga po ho akong aalis bukas."

"Bata ka pa naman at sa laki ng kaha mong `yan, hindi ka naman siguro mapupuruhan."

"Malaki na po ang ipinayat ko." Talagang pinagtiyagaan niyang pumayat.

"`Kuu, kunwari ka pang ayaw mo, eh, balita ngang ang lakas mong lumaklak sa Maynila. Sige na at sayang itong alak. Imported pa naman."

Wala silang mapagsalinan ng wine at hindi na rin maibalik ang cork. Alangan namang

ilagay nila sa Tupperware? Napabuntong-hininga na lang si Ligaya at inubos ang mga tira. Bakit kasi nagbukas ng ilang bote kung hindi pa ubos ang isa?

Tinamaan siya ng alak at kinabukasan ay hindi nakapasok pero tumuloy naman sa Maynila. Tinawagan niya ang officemates na nagsabing magkita-kita sila for dinner sa Glorietta, sa Luk Yuen, ang favorite nilang lahat. She was game. Alas-siete y medya ang usapan pero alas-sais pasado pa lang, nasa restaurant na siya.

And then it rained. Heavy rain.

Parang nahuhulaan niyang mahihirapang makakuha ng taxi ang mga kaibigan niya dahil kapag ganoon, pahirapan ang taxi sa office. Tinawagan niya ang mga ito at ang sabi ay hindi na raw makakarating dahil baha na sa tapat ng office. Kung makakakita man daw ng taxi ang mga ito pagkahupa, malamang na hindi rin papayag na magpa-Ayala dahil ayon sa balita, barado ang mga daan papunta doon. Masyado na rin daw gabi. Iyong iba raw

nilang kaopisina, baka mag-hotel na lang sa malapit.

Hindi rin makauwi si Ligaya kahit gusto niya. Tumawag siya sa landlady at sinabi niyon na baha rin daw sa tapat ng apartment pero madalas naman daw na humuhupa rin agad. Palipas daw muna siya. Buti na lang at nasa mall siya. At least, she can spend time there and have fun on her own.

Umorder na siya ng pagkain at habang naghihintay ay napansin niya ang nasa katabing mesa. It was a cute guy, medyo chubby nang kaunti, matangkad, tisoy na tanned, very nice eyes. Siguro may lahing puti. Naka-khakis at Lacoste na white. Mag-isa lang ang guwaping sa kabilang mesa. May kasama bang hinihintay o solo talaga?

She looked at her phone. Hindi niya dapat titigan ang cute. Hindi niya naman ito type kasi ang gusto niya iyong mga tall, dark, macho, handsome. Hindi ito dark at macho, pero guwapo talaga.

Mayamaya, hindi siya nakatiis at tumingin ulit sa lalaki. Nakatingin din ito sa kanya, saka ngumiti, revealing nice teeth. He waved at her so she waved back. Mukha namang hindi creepy ang lalaki. Far from it. Tumayo ito at lumapit.

"Hello."

"Hi," she replied. Mukhang mabait naman ang cute.

"May hinihintay ka ba?"


"Actually, hindi na sila darating."

"`Yon ding hinihintay ko. Do you mind if I join you?"

It was new to her. First time may lumapit sa kanya at nagpakilala.

"Ibarra," pakilala nito, inabot ang kamay.

"Ligaya," aniya, tinanggap ang kamay ng cute.


Whiskey
POISON TRILOGY I
VANESSA

# Chapter One

Kasabay ng pagguhit ng kidlat sa kalangitan ang pagpugak ng sasakyan ni Sabel, saka iyon tumigil sa gitna ng daan.

"Come on, come on, come on," aniya habang binubuhay ang makina. Pumailanlang ang malakas at malutong na kulog, parang sinasabing hindi niya araw iyon.

Napabuga siya, saka tumingin sa Google Maps. It was her fault for not using a bigger car. Nawala na sa isip niya kanina at sumakay sa maliit na kotseng gamit sa araw-araw. It was a city car, a sensible sedan, eight years old but still worked well. Nasa expressway na siya nang maalalang dapat ay iyong SUV ang kanyang ginamit.

Nag-zoom in at zoom out siya ng screen. "You've got to be kidding me," she said, realizing that she had been traveling in the wrong direction for at least ten kilometers. She missed a turn, and the app rerouted her. Pero dahil walang malapit na kalsada pabalik ay malayo na ang iikutan niya. Hindi niya napansin dahil nawala na naman siya sa sarili.

It didn't happen as often anymore, but it did when she wasn't busy working. Kapag hindi abala ang kanyang mga kamay, ang isip niya ay napupunta sa masasamang bagay. Baka kailangan na niyang tigilan ang pagpapaliban sa paghahanap ng taong matagal na niyang gustong makitang muli. Ang taong dahilan kung bakit hindi siya matahimik.

If she knew back then that keeping quiet would slowly kill her inside, she would've searched for that animal immediately.

Madilim na at gutom na rin siya. Sinubukan niya uli na paandarin ang sasakyan pero hindi na nabuhay pa ang makina.

"All this just to get good ingredients," sambit niya. The things she wouldn't do for the love of her life, her bakery. Her father would've mocked her. Naging doktor sana siya kung hindi niya inabandona ang med school sa unang taon pa lang niya roon.

Walang nagdaraang sasakyan sa kalsadang kinaroroonan niya. Kinabahan siya dahil baka sa bahaging iyon madaming mga rebeldeng grupo. Mabilis niyang inilabas sa glove compartment ang baril—she always carried one, saka binalikan ang phone. Ayon doon ay may limang kilometro pa ang kasunod na bayan na kung lalakarin niya ay aabutin ng forty-five minutes. Just as well. She badly needed the exercise. She gained some weight from all her cakes and pastries, twelve kilos to be exact. Isa pa, kaysa maghintay siyang may dumaang sasakyan, mas maigi nang magsimula siyang maglakad. Isinukbit niya ang baril sa likod, inabot ang jacket na palaging nakasabit sa passenger seat, saka kinuha sa likod ang overnight bag. Sinuksok

niya sa bulsa niyon ang charger. She locked the car.

Noon siya may natanawang headlights na papalapit mula sa direksiyong tatahakin niya. Huminto ang private jeep sa tapat niya. Isang pamilya ang sakay sa unahan niyon—tatay na driver, nanay, dalawang batang maliliit na parehong tulog. Siguro ay mas bata sa kanya ang mag-asawa. Buo ang unahang upuan ng jeep, magkadugtong ang upuan ng driver at pasahero. Ang likod ng jeep ay puno ng mga pinya.

"Magandang gabi, kuya, ate. Nasiraan po ako. Pa-Timugan sana ako. Wala bang dumadaang jeep dito, o bus, o tricycle?" tanong niya.

"Naku, ma'am, hindi po ito main road. Bihira ang dumadaan dito, lalo sa ganitong oras. Hanggang sa kurbada lang may makinis na daan, mga tatlong kilometro mula rito. Rough road na pagkatapos. Naligaw ka dito, ma'am?" Halatang takang-taka ang mag-asawa na makita siya.

"Pa-Pueblonuevo sana ako, eh, kaso hindi ako nakaliko sa Zaragoza."

"Medyo malayo na `yon dito, ma'am. Kung naghahanap ka ng ibang daanan, wala kang makikita. Pipihit ka talaga pabalik."

"Sabi po sa Google Maps, may daan daw diyan, eh."

"Meron po dati pero mula nang bumagyo, hindi na napagawa ang tulay na bumagsak. Kaya nga umiikot pa kami. Malaking perhuwisyo. Ilang taon na rin po."

Hindi na niya iginiit ang sabi sa Google. Hindi niya kabisado ang lugar. "Kuya, baka may alam ka sa makina." Itinuro niya ang sasakyan.

"Naku, ma'am, pasensiya na pero wala. Baka masira ko pa `yan."

"Ihatid na natin siya," singit ng asawa nito. "Sumabay na lang po kayo sa amin pa-Zaragoza. Pero walang talyer doon. Diyan sa Timugan meron. Kaso, ma'am, lubak-lubak pabalik, eh."

"Baka puwede pong ihatid ninyo ako doon sa mekaniko? Pag-usapan na lang natin kung magkano ang pahatid, kuya."

Tinulungan siya ng driver na itabi ang sasakyan sa daan, saka sila bumalik sa jeep. Isiniksik ng babae ang isang anak sa tabi ng ama at kinandong ang isa pa para bigyan siya ng space sa tabi ng pinto. Agad siyang sumakay.

Nakinig lang siya sa reklamo ng driver tungkol sa kalsada at mayamaya ay napangiwi nang magsimula ang rough road. Bilib siya sa mga batang nanatiling tulog. Parang sasakit ang katawan niya. Wala yatang shock absorber ang jeep. Sabagay, dalawang kilometro lang naman daw ang ganito katinding lubak.

Nang sa wakas ay may matanawan siyang liwanag ay nakahinga siya nang maluwag. Mayamaya pa ay ipinasok na ng jeepney driver ang sasakyan sa driveway ng isang maliit na gasoline station. Dadalawa ang gas pumps, isang regular at isang diesel, brand na

hindi niya kilala. Sa tabi ng gasolinahan ay mayroong hindi lang talyer na sarado kundi maging isang convenience store na mas mukhang pamilihang bayan at walang AC. Sa tabi niyon ay may malaking kainan-inuman.

It was odd seeing a huge rest stop there. Mukha nga kasing walang dumaraang sasakyan. Kunsabagay, alas-nuebe na ng gabi. Oras-probinsiya siguro ang mga tao, maagang natutulog. Gayunman, bukas pa ang kainan-inuman at mukhang may ilang mga parokyano, kung pagbabasehan ang ilang nakaparadang sasakyan sa labas niyon.

Sinabi ng driver na kahit sarado na ang talyer ay puwede pa rin siyang magpatulong sa may-ari dahil iyon din daw ang may-ari ng lahat ng nakapuwesto roon, at nakatira sa likod ng kainan, isang Ka Teroy. Binigyan niya ng tatlong libo ang mag-asawang labis-labis ang pasasalamat, saka nagtungo sa kainan. She was famished and thirsty. Kahit ang balak niyang huminto sa isang rest stop kanina ay hindi niya nagawa dahil sa

paglalakbay ng isip. She should stop doing that. But that was an impossible task. Like a wound that never fully healed. All she could do was treat it and not let it spread throughout her body. But it was always there.

*Teroy's Eatery, Souvenirs, and Billiard Hall* ang malaking karatula sa labas ng kainan. Pagpasok, makikita sa unahan ang isang mahabang estante ng pagkain, tipikal sa mga turo-turo. Wala nang laman ang mga nakataob na stainless dish sa loob pero ayon sa menu, may short order. Sa gilid ng establisimyento ay mayroong apat na bilyaran.

Isang babaeng siguro ay beinte anyos ang humarap sa kanya, nagtanong kung ano ang kanyang order.

"Tapsilog, miss, saka bottled water. Nasiraan din ako sa daan. Kailangan ko sanang makausap ang may-ari ng talyer."

"Lumalabas naman po `yon bago magsara. Hintayin mo na lang, Ate, kasi nagagalit `yon kapag tinatawag namin nang ganitong oras."

Alas-diyes nagsasara ang kainan sa ganoong araw, base sa karatula. Duda siya kung tutulungan pa siya ni Ka Teroy.

"Miss, may matutuluyan ba dito?"

"Diyan, ate, sa kabilang side ng gasolinahan, hindi mo ba nakita? Sa Interlude Motel."

"Perfect," she said, feeling relieved. At least hindi niya kailangang tumambay sa gasolinahan hanggang magising si Ka Teroy bukas. Nagpasalamat siya sa babae at pumuwesto na sa isang sulok na mesa.

God, she was tired. Dapat din na kanina pa siya nakarating sa pupuntahan kung hindi naligaw. Mula sa kantong lilikuan sana niya ay limang kilometro na lang ang bayan. She planned to stay the night in a small bed and breakfast, before visiting the farm the next morning. Local supplier ng vanilla pods at mga prutas ang farm.

Isinilbi agad sa kanya ang order. She started eating. Out of the corner of her eye, she saw that someone was walking towards

her. Bahagya siyang nagtaas ng mukha at pinanlamigan ng katawan.

It was the devil.

Tumigil sa pag-inog ang mundo at ang tanging malinaw ay ang lalaking ni hindi tumingin sa kanya at nakatutok ang atensiyon sa bilyaran sa bandang likuran niya. Her heart pounded loudly, she could hear it. She felt her hands tremble. Mariin niya iyong ikinuyom para pigilan ang panginginig. She was sure the devil would feel her gaze and though she told herself not to look—for he might still recognize her even though she looked very different from the first time he saw her—she couldn't look away.

It was a good thing his gaze never shifted. She was free to look at the animal that had destroyed her years ago. It was the exact same face, but older. Not by much though. He was bigger, his hair cut clean and short. The same scar on his arm, about five inches from his shoulder. Nakasilip iyon mula sa manggas ng T-shirt nito. It was like a branding scar of two

crudely shaped Greek letters, alpha and xi. What was on his body that wasn't there before were tattoos. And so many of them. But even with a full sleeve on his right arm, the scar still stood out. Sa kabilang braso nito ay kalahati lang ang mayroong tattoo.

Akala niya ay magtatagal ang lalaki sa kainan pero may kinuha lang pala ito sa isang mesa sa tabi ng bilyaran, kung anong maliit na bagay sa mesa na inilagay nito sa bulsa, saka nag-iwan ng pera sa mesa. Sumenyas ito sa cashier at naglakad na palabas. Nagbaba siya ng tingin sa pagkakataong iyon. When he passed by her, she looked at him again.

Sigurado siyang walang baril ang lalaki, walang bumabakat sa manipis nitong T-shirt. She must get to him before he had access to a gun. Baka mayroon sa sasakyan nito.

Ni hindi na siya nag-isip nang matagal. It was now or never. She had prepared for this moment. Hindi niya alam kung bakit ngayon nangyari, hindi niya alam na mangyayari pa, pero wala siyang balak hayaang mawala ang

pagkakataong iyon. Naglabas siya ng pera sa wallet at mabilis na isinenyas sa waitress, saka ipinatong sa mesa.

Lumabas na siya, sukbit ang bag. She was not entirely sure what she was going to do, but at the very least, she needed to know his name. Kung malalaman niya ang plaka nito, malalaman niya ang lahat dito. Pero parang pelikulang paulit-ulit niyang naalala ang nakaraan at nagdilim na ang kanyang paningin. She unconsciously felt the gun tucked behind her before proceeding to follow the man.

Pakanan ito nagtungo nang makalabas. Naghintay siya nang ilang sandali bago sumunod. Mayroong tatlong sasakyan na nakaparada sa unahan pero nilagpasan iyon ng lalaki. Lumiko ito sa tagiliran ng eatery. Hiling ni Sabel na sana ay may mga sasakyan din doon para makapagkubli siya o gawing alibi kung mahuhuling nakasunod dito.

*Please don't make me kill that man. Not today,* she thought as the memories made her

hands tremble again. Can she make a clean shot? She wasn't very sure. At dito ba niya gagawin?

She should think, she knew that, but it was hard. Bigla ang mga pangyayari at sa isang bahagi ng kanyang isip ay natatakot siyang makawala na naman ito. How many times had she dreamed about killing the devil? Hindi na niya mabilang. But can she really do it?

They say it's normal for the mind to find a way to survive when one is physically trapped. Iyon ang dahilan kung bakit ang asawang nasa abusive relationship ay posibleng magkaroon ng pantasyang mamamatay ang kapareha. It didn't mean that the spouse would act on that fantasy. The mind was just operating in survival mode. Hindi kaya ng katawang umalis sa relasyon—sa kung ano pa mang dahilan—kaya ang utak ang gumagawa ng paraan. Escapism.

Paano kung sa kabila ng lahat ng mga naiisip niya ay hindi pala niya kayang gawin

ang lahat? Na kaya lang niya naiisip gamitin ang baril sa lalaki ay dahil hindi niya nagawang takasan ito noon? At kahit ilang ulit niyang baguhin ang nakaraan sa isip ay hindi niya iyon magagawa kailanman dahil tapos na ang lahat. Nangyari na.

But she had no time for that now. She had to know who he was.

She readied herself. Hinawakan na niya ang baril at inilabas. Lumiko na siya at ganoon na lang ang gulat nang bigla siyang isalya ng lalaki sa pader. Bago pa niya maitutok dito ang baril ay nadiinan na nito ang braso niya.

Naipon sa kanyang lalamunan ang sigaw mula sa sakit. Nabitiwan niya ang baril na agad nitong sinipa palayo. She knew how to defend herself though. She studied Krav Maga.

But so did the man, and it seemed he was a master. Nagawa nitong kontrahin ang dalawang mabilis niyang pag-atake at isinalya siyang muli sa pader. His large hand went

straight to her throat, while the other held her hand. Halos lumabas ang dila niya sa diin ng pagkakapisil nito sa kanyang leeg.

There was rage in his eyes. So much rage.

She was wrong. She couldn't win against the devil. Who would?

# Chapter Two

Sabel was sure the man had training. Iyon lang ang paliwanag kung bakit sa kabila ng lahat ng self-defense classes niya ay nagawa pa rin nitong ilagay siya sa ganoong posisyon. She was now bound and blindfolded. Salamat na lang at sa harapan itinali ng lalaki ang kanyang mga kamay gamit ang isang zip tie.

Hindi na siya nagtaka kung bakit mayroon ang lalaki ng ganoon. How many people had he bound and gagged in his lifetime? Baka hindi na mabilang. Ang tanging pag-asa niya ngayon ay kung may CCTV sa parking lot at kung may magre-review ng tapes… Kapag ite-trace na siya ng mga kaibigan at

empleyado niya. Her brother? No. He probably wouldn't care where the hell she was.

Pinaglabanan niya ang mga luha sa pagpatak. She needed a clear head, but she didn't have that. She was tired and aching. Nabukulan din yata siya sa pagkakasalya ng lalaki. Siguro din, may pasa siya kung saan tumama ang kamay nito para siya disarmahan. Napakabilis kumilos ng demonyo, nagawa siyang ilagay sa ganoong posisyon sa loob lamang ng isa-dalawang minuto.

Pinakawalan nito ang kanyang leeg. She was trying to catch her breath when he held her wrists to bind them with a zip tie she had no idea where he got from. Probably from his pocket. Ang ipinangpiring nito sa kanya ay pinilas nito sa laylayan ng kanyang T-shirt. She tried to scream but a cold gun nozzle pressed against her cheek stopped her immediately.

The man never spoke. Bahagya lang siya nitong hinila kaya siya napasunod dito.

Iniisip niya kung ano ang magandang gawin pero sa huli, alam niyang magpapapagod lang siya kung tatakbo siya dahil hindi niya nakikita ang daan. Baka matapilok lang siya. Sigurado ring maaabutan siya agad ng lalaki.

*I don't want to die like this, God. Are You really even there? First, You allowed this animal to ruin me and now You send him my way to finish me off. If You're real, this is the perfect time for one of Your miracles. Or am I not one of Your favorite children like You have proven before?*

She was mad and scared. Admittedly, she was also getting more and more desperate, feeling hopeless with each passing second. How can she royally screw this up?

Narinig niya ang pagtunog ng bumukas na pinto. Binuhat siya ng lalaki na parang napakagaan niya at ikinarga sa sasakyan. Mataas na sasakyan, dahil kung hindi ay hindi na siya nito kailangang iangat. Napahiga siya sa hula niya ay backseat ng isang pickup o

SUV. Itinali nito ang kanyang mga paa gamit din ang hula niya ay zip tie.

Itinupi nito ang kanyang tuhod, saka niya narinig na sumara ang pinto. Sinubukan niyang kumawala pero hindi niya magawa. Kailangan niyang mag-ipon ng kaunting lakas dahil naubos na yata. Umurong siya para maituwid ang mga binti. Kailangang walang pananakit ang mga iyon mula sa pagkakatupi nang matagal kung balak niyang magkaroon ng pagkakataong makatakbo palayo, sakaling makakita ng tamang pagkakataon.

Shit, she wasn't even able to get his plate number. Ni hitsura ng sasakyan nito ay hindi niya alam dahil napiringan na siya bago madala doon. Tinatandaan na lang niya ang direksiyon na tinatahak ng sasakyan. Lubak-lubak ang daan pero hindi na kasinglubak ng dinaanan niya kanina patungo sa rest stop. Ibig sabihin, ang kabilang direksiyon ng pinagmulan niya ang tinahak ng lalaki.

Her guess? He will find a spot to bury her. That was the best thing she could hope for

because she knew the man was capable of worse things.

Kailangan niyang umisip ng paraan para makatakas pero hindi makapag-focus ang utak niya sa isang bagay. Her fear was taking over her. It's not every day that a person faced her death like this.

And then she heard raindrops. Naisip niyang baka mas makasama sa kanya iyon dahil lalambot ang lupa, mas madaling hukayin para ibaon siya. How morbid, but this man was. It would be foolish to expect anything less.

What's taking him so long though? Hindi rin niya alam. Baka ayaw ding mabasa ng lalaki. Off he continued driving like the psychopath that he was, not even bothering to turn the radio on.

And then came a point when she realized he might not do her in tonight, which meant that her worst nightmare might be coming soon—him holding her captive.

"What's your name?" naitanong niya. Gusto niyang malaman man lang kung ano ang pangalan ng taong ito na sa ikalawang pagkakataon ay makakaligtas sa gagawing kasamaan sa kanya.

The man did not reply at all. Did not show any indication that he had heard her.

She tried her best to remember everything about him—the striking good looks, piercing eyes, sturdy and towering build. Makakapal ang mga kilay nito, matangos ang ilong, maganda ang panga na hindi nagawang itago ng manipis na facial hair. Mestizo ito, namumula-mula. Mukhang lamang ang banyagang dugo, kahit pa nga naging mapulang kayumanggi na ang balat sa pagbibilad sa araw. He used to be fairer. Did he grow taller, or did she forget he was over six feet tall? And that scent… She couldn't remember him smelling like that before, a masculine aftershave.

Sa mga munting pagbabago rito ay mayroon ding nanatili—ang mantsa sa balat

nito. That scar on his arm. Hindi iyon ordinaryong sugat at mayroong malinaw na hugis, Greek letters. She tried and tried looking for fraternities with the same symbol, even organizations and groups, but to no avail. Ang mga malalapit doon na nakita niya ay hinanap niya rin pero wala ni isang mayroong simbolong katulad ng sa lalaki.

Natanong niya sa sarili kung nakilala ba siya nito kanina o napansin lang na sumusunod siya. Imposibleng nakilala pa siya nito kung kahit ang mga dati niyang kakilala ay hindi na siya mamukhaan. She changed a lot.

She kept awake, fighting exhaustion. Her determination kept her conscious. Tinantiya niya ang susunod na mangyayari. Ilang araw bago siya hahanapin ni Mae, ang sekretarya niya, dahil routine niyang mag-ikot araw-araw sa mga branch at kitchens. She hated being disturbed. Siguro ay pinakamatagal na ang limang araw. Hopefully, Mae would look for her in two days. Two days after the

weekend. It was just Saturday. Ipagpalagay na Miyerkules ay hindi siya nito mahahanap, siguradong tatawagan nito si Domee, ang beki close friend niya at isa sa kanyang pastry chefs. Domee will try to find her. Kapag hindi siya nito nahagilap, tatawagan nito ang kapatid niya.

Her brother would probably not even bother looking for her, so Domee would do it himself. Pupunta ito sa bahay niya at ita-track ang phone. Kapag hindi nito nakita iyon, tatawag ito sa pulis. He will probably personally go to the farm. Alam nitong doon siya papunta ngayon. If he was lucky enough, he might find her car and the jeepney driver who took her to the rest stop. Kung may CCTV sa Ka Teroy's, malalaman ng lahat ang nangyari. Would they be able to find her body though? If not, would they be able to charge the man?

She realized she had no one who really cared for her like family should. There used to be one, Clint, her ex. But she broke his heart

because she couldn't love him the way he wanted her to. Umiwas siya rito. Now all she had were Mae and Domee.

Nadama niya ang pagsulak ng galit. Gusto niyang pagmumurahin ang demonyong nagmamaneho pa rin, pero hindi niya magawa. Bakit siya nito isinama? Why couldn't he just let her go? Ah, of course, he was evil, and he saw an opportunity to do evil things. Hindi na siya dapat pang magtaka.

She endured the long ride. Pasimple niyang itinaas ang piring makalipas ang humigit-kumulang dalawang oras sa biyahe, pero hindi siya bumangon. Sa tantiya niya ay inabot sila ng mahigit apat na oras sa daan, nakalimang liko, at mula sa huling kanto ay may isang oras silang bumiyahe bago huminto ang sasakyan sa wakas. Kahit itinaas niya ang piring ay wala siyang nakita masyado, maliban sa mga puno sa itaas kapag may nadaraanan sila, putol-putol na bahaging may poste ng ilaw, at ilang mga lugar na may tindahan na nakita niya kapag inaangat ang

katawan mula sa pagkakahiga. She had no idea where they were. Masyadong madilim at parang wala silang dinaanang town center.

Narinig niyang bumaba ng sasakyan ang lalaki. How the hell can she run, she had no idea where she was, and she was bound. Naghintay siya dahil kanina pa rin siya naiihi, nagugutom, at uhaw na uhaw. Naupo na siya.

The asshole took his sweet time. Naririnig niyang may ibinababa itong gamit mula sa likuran kaya malamang na pickup ang sasakyan. Nang tumigil ang mga ingay ay nagtagal pa rin ang lalaki sa puntong naitanong niya kung babalik pa kaya ito. What was he doing? O kasama ba sa torture na pabayaan siya sa loob ng sasakyan?

Umisod siya hanggang sa marating ang pintuan ng pickup. Kahit nakatali ang mga kamay ay nagawa niyang kapain ang bukasan niyon. She was going to open it but heard a thunderclap and then it poured down rain again. Buhos-tila ang ulan kanina pa, pero ngayon lang lumakas nang ganoon.

Napasigaw na siya nang malakas, saka pilit binaklas ang zip tie. Out of frustration and exhaustion. Pero nakita niya ang lalaking papalapit na mula sa bahay. Hinigit niya pababa ang piring, eksakto sa pagbukas nito ng pinto. May dumamping tubig-ulan sa kanyang mukha. Napasinghap siya nang madamang lumapit ang lalaki sa kanya. She could pick out that scent in a lineup, she was sure.

Kinabig siya nito sa gayon ay mapalapit siya rito. Isinampay siya nito sa balikat na parang isang sakong bigas, saka siya binitbit sa gitna ng ulan. She could feel his strength as he didn't falter in his steps and when he put her down, his breathing was still normal.

Hinigit nito pababa ang kanyang piring, saka ginupit ang zip ties sa paa at kamay niya gamit ang isang Swiss army knife. Why wasn't he speaking? She remembered that he couldn't keep his mouth shut calling her names before.

Itinuro nito ang bag niya at isang pintuang nakabukas na isa palang banyo. Walang imik

niyang dinampot ang bag at tumuloy sa loob ng banyo at ikinandado iyon. Wala na siyang narinig mula sa labas dahil lahat ng tunog ay nilunod na ng ingay ng malakas na buhos ng ulan. Para siyang nakahinga nang maluwag. Awtomatikong naghagilap ang kanyang mga mata ng puwedeng gawing pandepensa. There was none. Ang tanging laman ng banyo ay dalawang plastic drums ng tubig, isang timba, tabo. May lababong maliit, may salamin sa ibabaw niyon at patungan ng basic toiletries—sabong mabango, sabong panlaba, shampoo, deodorant. That's it. Ni walang tiles ang banyo, walang pintura ang pader.

Tiningnan niya ang bag at nakitang pinakialaman na iyon dahil wala na ang charger, maging ang taser na palagi niya ring baon. Kahit ang keychain niyang pepper spray ay tinanggal na ng lalaki. She would have to fight him with her fist, and they both knew where that led her earlier.

Hayun na naman ang pakiramdam na parang gusto niyang umiyak sa sama ng loob.

Pero saka na. Kailangan muna niyang harapin ang sitwasyon. Naligo siya para guminhawa ang pakiramdam. Kahit paano ay nakatulong iyon. Lumabas siya pagkatapos. Nilingon siya ng lalaki na nasa kusina, nakapuwesto sa six-seater dining table na gawa sa lumang kahoy.

Itinuro nito ang puwestong katapat. She needed her strength so she decided to eat.

Simple din lang ang kusina at komedor. Isang pa-L counter lang ang nakakabit sa pader at mayroong lababo. Sa ilalim ng lababo ay tanaw niya ang ilang water containers at sako-sakong dog food. Pero walang aso. Katabi ng dulo ng L ay ang banyo at sa katapat naman ng lababo sa kabilang panig ng bahay ay may dalawang silid.

Sa pagpasok sa pintuan ng bahay ay naroon ang salang may magandang sofa set. It looked out of place there. It was bulky and seemed expensive. Open space ang kabahayan at mayroon nang tiles sa buong sala at kusina, Vigan tiles at halatang luma na. Gayunman, parang bago ang kisame at wala pang pintura.

Siguro ay matagal na ang bahay at pina-renovate recently.

Ang pagkain ay galing sa Ka Teroy's; may sticker sa ibabaw ang food containers. Kaya pala wala nang natirang pagkain kanina, pinakyaw na ng lalaki. Limang putahe ang nakahain, mainit pa dahil isinalang sa microwave. She didn't even hear it pinging because of the heavy rain.

Nadama niya ang pananabik sa pagkain, ang panghihina ng tuhod dahil sa labis na gutom. First, she had to drink. Nasaid niya ang baso at nang ibaba iyon ay muling lumabas sa kanyang bibig ang tanong, "What is your name?"

"You don't know the name of the person you want to kill?"

She gasped. Sana ay hindi nito narinig. Hindi niya inasahan ang tinig na narinig. Napakalayo niyon sa naaalala niyang tinig nito. Ang tinig na paulit-ulit sa alaala niya ay hindi ganito kalalim at kababa ang rehistro.

Ang naaalala niyang tinig ay higit na mataas at makikilala niya agad kapag narinig muli.

Was it possible that this was not the same man? Napatingin siya sa braso nito. No. Impossible. No two people can look the same and have the same scar. Baka may sakit lang ito noong gabing iyon. Or maybe her memory was cloudy. After all, it had been so long. Hindi naman lahat ng natatandaan ng isang tao ay perpekto. Maybe it sounded like that in her head because she was injured, bleeding.

"Who sent you?" tanong muli ng lalaki, nakatitig sa kanya.

Mayroong kilabot na kumalat sa kanyang katawan sa pagkakatingin ng mga matang iyon. It was the kind of eyes that one would like to look deep into. He had beautiful eyes, she had to admit that. But it was also cold at the same time, the kind that could pierce through one's soul. It didn't seem to be the eyes of the man she was looking for… But

they also kind of looked like they were the same, only the ones before were dilated.

She needed to rest. Kung anu-ano na ang naiisip niya dala ng kapaguran siguro. Why did she have that kind of opinion about his eyes?

But at the same time, she wanted to doubt what she knew.

Suddenly, she was confused.

"Who sent you?" ulit ng lalaki, mas malamig na ang tinig.

Noon lang tumimo sa isip niya ang tanong. May inaasahan itong magpapadala ng tulad niya rito? Isang inaakala nitong may balak na patayin ito? He didn't recognize her from before, it was clear. But if he were that man from her past, she would be more surprised if he can remember her because he was high on drugs that night as evidenced by his dilated pupils.

"No one," tugon niya.

"We'll see about that."

Hindi siya umimik, hindi alam kung ano ang ibig nitong sabihin. She was too tired to think. Kumain na lang siya dahil sa gutom, nanginginig na rin ang kanyang mga tuhod. Nang matapos kumain ay nagbanyo siya para magsepilyo at nang lumabas ay nagulat nang makita ang lalaki.

Kusang tumaas ang kanyang mga kamay para umatake sa labis na pagkabigla. Pero tulad kanina, mas mabilis ito sa kanya. Nagapi nito ang kanyang kamay at mabilis na naitaling muli.

She surrendered. Wala na siyang balak lumaban. She wouldn't win. Pinaglakad siya nito patungo sa silid na katabi ng banyo. Pagpasok sa loob ay nakita niyang maayos iyon, malinis, may AC, may double bed, may night light sa ulunan ng kama, may closet. Pinaupo siya ng lalaki sa kama, saka itinali ang kanyang mga paa.

"Is that necessary?" tanong niya.

Hindi ito umimik.

"Paano kung kailangan kong magbanyo?"

Muli, hindi ito umimik.

God, how she disliked the silent treatment. Hindi niya alam kung bakit nanaig sa kanya iyon. Mas dapat niyang ikagalit ang abduction nito.

Iniwan na siya ng lalaki. She was too exhausted to get angry. Nahiga na siya at sa kabila ng takot, nanaig ang labis na pagod. She fell asleep immediately.

# Chapter Three

Nang magising si Sabel ay agad siyang napapabalikwas, para lang maalalang magkadikit ang mga paa at mga kamay niya. Malakas pa rin ang ulan sa labas. Salamat at may wall clock, nalaman niyang alas-diyes na ng umaga kahit mukhang alas-sais pa lang sa dilim ng langit.

Bumangon siya, tumayo, at lumundag patungo sa pinto. Hindi iyon naka-lock. Lumabas siya, inaasahang makikita ang lalaki pero walang tao sa sala. Bumilis ang tibok ng kanyang puso. Tiningnan niya ang silid ng lalaki. Nakaawang ang pinto. Lumundag siya patungo roon at marahang itinulak ang pintuan. Walang tao sa loob. Lalo na siyang

kinabahan. Maybe it was her chance to get out of there. Mabilis niyang ginawa ang technique na natutuhan noon pa sa pagtanggal ng zip tie. Hinigit niya ng ngipin ang dulo niyon para higpitan. She made sure that the head was between her wrists.

Itinaas niya ang mga kamay at mabilis na ibinaba patungo sa kanyang tiyan. It took her four tries before the zip tie broke. Mabilis siyang naghagilap ng puwedeng gamiting pantanggal ng zip tie sa mga paa sa silid ng lalaki. She immediately saw a pair of pliers in a huge toolbox. Mabilis niyang naalis ang zip tie sa mga paa. She then grabbed a hefty pipe wrench.

Hinanap niya ang cell phone at nakita naman iyon sa isang drawer. Drained ang battery. Wala ang charger. Wala siyang panahong maghanap ng gamit. She needed to get out of there. Ang kailangan niyang hanapin ay ang susi ng sasakyan, pero hindi niya iyon makita.

"Shit!" sambit niya, hindi malaman kung ano ang gagawin. Maybe it was better to run than stay there. Ang unang rule sa abduction ay huwag magpadala sa second location dahil karamihan ng mga kaso ay halos sigurado na ang kamatayan kapag nadala ang biktima sa lugar ng salarin. At nandoon na siya ngayon sa bahay ng lalaki. She needed to escape. If she had to walk, then so be it. She grabbed her bag and put her phone and the wrench inside. Iyon ang gagawin niyang armas. She also saw two small bottles of water and put those inside the bag as well. Kung tatakbo siya ay kailangan niya iyon.

Paglabas ng bahay ay sinalubong siya ng basang hangin. Nagwawala ang mga puno. Signal number three siguro. Nasaan nga ba siya? Hindi niya alam. Paano niya sasagupain ang bagyo? Bahala na. Gumilid siya sa bahay para hindi masyadong mabasa. And then she saw a small shed. Tinakbo niya iyon, basang-basa na ang buong katawan.

Nang makalapit na nang tuluyan sa shed ay natigilan siya nang makitang nakabukas pala iyon paloob, hindi tanaw mula sa pinanggalingan niya dahil na rin sa lakas ng ulan. Napasinghap siya nang makitang nakahandusay padapa sa loob ang kidnapper. Base sa nagkalat na gamit, hula niya ay naaksidente ito. Bumagsak ang mga gamit at natamaan ito. Scattered everywhere were mostly heavy objects—farming, gardening, building tools and equipment.

Patay ba o nahimatay? Anu't anuman, wala itong malay. Inilabas niya ang pipe wrench at maingat na lumapit, tumutulo sa katawan ang tubig-ulan.

"Shit," sambit niya nang makitang duguan ang dibdib ng lalaki. Isang metro mula sa ulo nito ay naroon ang duguang piko. She can only guess that he had an accident. Bumagsak siguro at bumaon ang piko sa dibdib ng lalaki, na binunot nito at nawalan na ngayon ng malay; malamang ay dahil nabagsakan ng mabigat na bagay sa ulo.

Binitiwan na niya ang wrench. Itinaob niya ang lalaki. Napansin niya ang bulsa ng pantalon nito na may nakasuksok, malamang na susi ng sasakyan. She took it. Why the hell would she help this asshole? He ruined her life. Masuwerte pa nga itong hindi niya ito papatayin, kahit ilang ulit na niyang pinantasyang gawin.

Tumalikod na siya. She needed to run away but couldn't. Hindi niya magawang iwan ang lalaking walang malay, basa ng dugo ang balikat hanggang dibdib ng kamiseta.

*If he dies like this, he will deserve it,* she thought, but still couldn't make herself leave. *A lot of people will probably feel relieved if this bastard dies.*

Still, she couldn't leave him there. Ilang segundo ang lumipas bago siya lumuhod para wakwakin ang kamiseta nito. The man had a tattoo on his chest as well, his right pec. Sa itaas niyon bumaon ang matulis na bahagi ng piko.

Why did she suddenly remember that framed oath in her father's office, the modern Hippocratic oath? It compelled her to help this bastard. Noong bata siya ay palagi iyong pinapabasa sa kanya ng ama dahil magiging doktor daw siya balang-araw. Siya ang panganay, siya ang papalit dito bilang direktor ng ospital nila.

She wasn't a doctor, but she knew enough to help this man and more. Paanong hindi kung bata pa lang ay mismong ama niya ang nagtuturo sa kanya? She had been practicing with suture pads since her hand was agile enough to handle a surgical needle. It wasn't all in vain because now she can pipe the most intricate royal icing string work on skyscraper cakes.

Umungol ang lalaki, pero nanatiling walang malay. Her mind quickly assessed the situation. Sa unang tingin ay parang kailangang dalhin sa emergency room ang lalaki, isang bagay na hindi niya magagawa dahil zero visibility sigurado ang daan at kung

bako-bakong kalsada ang tatahakin nila, baka maging mas delikado kung napuruhan ito nang mabagsakan sa ulo. He needed to be airlifted. No one would do that during a storm. Hindi rin niya alam kung nasaan sila. Walang koryente, hindi niya matsa-charge ang phone.

"Shit," sambit niya, kinuha sa bag ang bote ng tubig, ibinuhos ang laman sa sugat ng lalaki. Thankfully, the bleeding was not as bad as she thought. Mukha ring hindi malalim ang sugat. Tinapik niya ang pisngi ng lalaki. "Kailangan mong bumalik sa bahay."

Ibinuhos niya ang tubig sa mukha nito. He opened his eyes. Once again, a bout of self-doubt overcame her. Was this really the man she had been looking for? Those eyes, they were very different.

Nanghihina nitong ipinilig ang ulo patagilid, saka inilabas ang dugo sa bibig. It wasn't a lot, but it was a concern.

"Kailangan mong bumalik sa bahay. Masyadong madumi dito. Kailangan ding

mahugasan ang sugat mo. Kaya mo bang tumayo?”

Hindi na niya ito hininitay na sumagot, bagkus ay pumuwesto sa ulunan nito. Itinulak at inalalayan niya ito para makabangon, saka niya inakbay sa balikat ang braso nito. Muntikan na siyang mapasigaw nang sa kanya ito kumuha ng lakas. Napakabigat ng lalaki at hindi aware na sa kanya ipinasa ang timbang.

Sa puntong iyon, hindi na niya naiisip pa ang kakaibang sitwasyon nila. Ang tanging nasa isip niya ay tatlong bagay—una, na hindi niya kayang pabayaan ang lalaking mamatay, sa kabila ng lahat; pangalawa, kung iiwan niya itong tangay ang sasakyan at abutan ito ng kamatayan, baka siya pa ang makulong; pangatlo, sa kung anong dahilan ay may nagsasabi sa kanya na hindi ito ang matagal na niyang hinahanap.

“Tulungan mo ako, hindi kita kakayanin,” aniya habang naglalakad sila palabas ng shed. Nag-aalala siyang tumimbuwang itong muli

dahil napakataas ng lagnat nito. Napakainit ng balat nitong nakalapat sa kanya.

She knew the man tried his best. Gumaan ang pagpapasa nito sa kanya ng bigat, kahit mabigat pa rin. Sumabak sila sa hagupit ng malupit na ulan, halos hindi makaabante. Hanggang sa parang ibinigay ng lalaki ang lahat ng lakas at bumilis ang paghakbang nito. Tuluy-tuloy sila sa bahay, patungo sa silid nito, kung saan ibinagsak nito ang katawan sa kama.

Before passing out, he said, "If you're gonna kill me, there's a gun under the bed. Make it quick."

TO SABEL'S surprise, she found helping the man easier than she expected. Automatic niyang naisantabi ang mga bagay na bumabagabag sa kanya tungkol dito. She acted on instinct, remembered all that she knew about emergency situations. May ilang summers din siyang nag-train abroad noong nasa premed siya. Every free time she had she

spent preparing for a career in medicine and hospital administration.

She was happy seeing how well she was able to use the man's more than adequate medical supplies and equipment. A lot of them were excellent for emergency situations. He had three different emergency rescue bags, all professional grade. She wondered why. Who the hell was this man?

One of the bags had lidocaine, an anesthetic. She used it on him, then stitched him up. Umabot ng pitong stitches ang sugat nito. Hindi malaki, hindi malalim, pero kailangang tahiin.

Bukod sa emergency medical bags, madami ring emergency tools ang lalaki sa closet. Ginamit niya ang isang rechargeable lamp at iyon ang tanglaw nila. Madilim sa paligid dahil wala pa ring koryente at napakalakas ng ulan at hangin sa labas.

Pagod na pagod na siya sa pag-aasikaso rito. Hindi madaling linisan ang katawan ng lalaki para makaiwas ito sa impeksiyon, kahit

pa nga pinainom na niya ito ng antibiotics. He would have to go to the hospital to get a tetanus shot. Kailangan din nitong patingnan sa isang propesyonal ang sugat pero sa palagay niya ay kayang maghintay niyon hanggang sa bumuti-buti ang pakiramdam nito. Hinala niya ay may lagnat na ito nang mabagsakan ng mga gamit. Mukha ring sugat sa loob ng bibig ang dahilan ng dugong inilabas nito kanina, superficial.

Piniga niya ang bimpo sa palanggana, saka pinunasan ang dibdib nito. The man was buff. He must work out hard. Hindi ganito ang pagkakaalala niya rito. He used to be thinner. His hair used to be thin as well—not the haircut but the hair strands. She could remember it well, easily sticking to his forehead. Naaalala niya dahil tinandaan niyang maigi. It was all she could do then.

Biglang gumuhit ang kaba sa dibdib niya. Was he not the one?

No. Imposible.

Inilublob niya ang bimpo sa tubig. Sa wakas, malinaw na iyon nang pigain niya. She can feel the strain of taking care of a huge bulk that was the devil himself.

Kinuha niya ang isang maliit na flashlight at sinuri ang branding scar sa braso nito. Malinaw pa rin iyong nakikita, pero mas naging malinaw sana kung hindi mas lutang ang mga tattoo nito.

Umungol ang lalaki, napaigtad siya.

"Just go…" sambit nito, paos ang tinig, may nginig ang mga labi. He was having chills. His fever must break. "Leave… Catherine…"

He barely whispered the last word. Hindi sigurado ni Sabel kung tama ang pagkakarinig niya. Sino iyon? Ah, hindi na mahalaga. The man was obviously delirious. Hindi normal ang taas ng temperatura nito. Kung hindi pa iyon bababa ay delikado.

Siniguro niyang tuyo ang katawan ng lalaki dahil kukumutan niya ito. Habang pinupunasan ang balat nito ay napasinghap

siya nang magmulat ito at banayad na padaanin ang daliri sa kanyang pisngi.

"Catherine… you're here…" he whispered weakly, affectionately.

May gumapang na kilabot sa kanya sa pagtindi ng hinala na hindi ito ang hinahanap niya. The man she was looking for was not capable of doing anything gently. He was not capable of speaking with any emotion akin to affection.

"Sleep… You n-need to rest," she stammered. Ni hindi niya alam kung bakit nautal siya. The man was too weak for all of the emotions in his eyes.

Bahagya itong tumango. Before passing out, he said, "Thank you, love."

Nanatili siyang nakatigagal dito. And then she grabbed the flashlight again to look at his scar. It seemed more pronounced than she remembered…

*Don't be a fool. Of course, he is capable of showing emotions to the ones who matter to him. You did not. You were an object to him, meant*

*to be at the receiving end of his depravity. He's an animal, but not totally incapable of experiencing human emotions. Besides, why would you trust your memory with the little details? So the scar got more pronounced, he seems taller and bigger as well, his hair changed, too, among many other small details, but look at it logically. No two people can look the same and bear the same scar. Natatakot ka lang sa kaya mong gawin ngayong nasa `yo ang pagkakataon.*

*Sabel, you coward, thinking of ways to avoid finishing him off.*

Pero kahit na mayroong bahagi ng isip niyang sadyang iyon ang sinasabi, malinaw sa kanya ang mga pagbabagong nakikita at hindi dapat bale-walain.

Kinumutan niya ito. Somehow, his features were that of a rough and tough guy, the kind of outdoorsy man who enjoyed living on the edge, and yet, there was a softness there that she did not see before. Did he find religion? How can someone like that change completely?

But her gut was telling her that this was not the man she had been looking for. It made no sense because he looked the same, but this was a different guy. It's his eyes, his voice, and all the tiny little things that she really couldn't ignore, though logic was telling her she was mistaken.

Pero paano niya kukumbinsihin ang sariling parusahan ang isang tao kung hindi na siya sigurado ngayon na ito nga ang kanyang hinahanap? And can she really do it? Obviously not.

Ang bigat ng loob niya sa magkakahalong emosyon habang nakatitig sa mukha ng lalaking walang malay at nanghihina habang humahagupit pa rin ang bagyo. Lumabas siya ng silid, tumuloy sa kusina bitbit ang palanggana. Good thing there was enough water for weeks. Higit pa sa sapat ang mga pagkain sa ref at pantry, maging ang ibang supplies at gamot, maliban na lamang kung may hindi magandang mangyari sa lalaki.

Malalim ang iniisip niya habang abala ang kamay sa paghahanda ng pagkain. Flashes of memories came to her. Sa bawat eksenang parang masamang pelikulang sumusulpot sa kanyang isip ay nadarama niya ang lamig ng bakal ng baril na nakasuksok sa kanyang likuran. Of course, she took his gun. She was not stupid. She also found her gun, so the guy took it. She removed the bullets, and hid it in behind a sofa cushion.

Kulang isang oras at nakaluto na siya ng simpleng arroz caldo. There was pure orange juice in the fridge, so she prepared a glass for the man, water as well. Dinala niya ang mga iyon sa silid nito.

“Get up,” sambit niya ngunit nang hawakan ito ay naging malinaw na hindi makakakain ang lalaki. Pero idinilat nito ang mga mata. He was barely there. Tinulungan niya itong makainom ng tubig. Naubos nito ang laman ng plastic bottle. And then he passed out again.

She checked his temperature, it was the same. Wala siyang magagawa sa ngayon kundi ang maghintay. Lumabas siyang muli, dala ang tray, saka kumain na rin. She took a shower and went back to the room.

May rechargeable fan at iyon ang ginamit niya para matuyo ang buhok. Hawak niya ang cell phone ng lalaki na kanina pa nakita. Ngayon lang siya nagkaroon ng pagkakataong busisiin iyon. It was locked, like she expected. Code at hindi biometrics ang gamit para mabuksan iyon. Nang hindi ma-unlock ang phone ay hinanap niya ang wallet nito. Nasa loob ng drawer ng bedside table.

She opened it and found two driver's licenses, one local and one Californian. Finally, a name—Dario Manuel Diaz. Tiningnan niya ang iba pang laman ng wallet—ilang lilibuhin, a few hundred-dollar bills, credit cards, debit cards, some membership cards local and abroad, and a veteran's card. The man was a US Army veteran.

Kinilabutan siya sa ideya. She actually thought she could fight a man who was trained to fight. He could've easily killed her, but he was a soldier, someone who saves lives. Supposedly.

She must be insane. Kinidnap na siya ay naghahanap pa siya ng mas matinding ebidensiya na hindi masamang tao ang lalaking nasa kama. So what if he said she must quickly kill him if that's what she intended? A rambling of a delirious man.

But the one she met when she was younger would never say that.

Or would he? How the hell can she even tell? Hindi niya iyon kilala, tulad ng hindi niya kilala ang lalaking nasa silid ngayon, kung dalawang tao man ang mga ito.

Isinauli niya ang wallet ng lalaki. Lalong lumakas ang ulan kaya binuksan niya ang radyong kasama ng isang rechargeable lamp. Wala siyang mahagilap na istasyon, maliban sa isa. Ang sabi roon ay pinakamalakas daw ang bagyong dumating ngayong taon.

Binanggit ng announcer ang sentro niyon at ang mga daraanang probinsiya. Base roon at sa nilakbay ay hinulaan niya kung nasaan siya.

Asahan daw ang malakas na ulan buong gabi dahil may kabuntot pa ang bagyo na lalong nagpapalakas doon at mayroong papasok na isa pang bagyo, same route.

Lumabas siya at kumuha uli ng makakain ng lalaki. Paiinumin na niya itong muli ng gamot dahil mag-aapat na oras na. Kailangan nitong lamnan ang tiyan. Nang makabalik sa silid ay ginising niya ito. He was having chills, his eyes were droopy.

"Kailangan mong kumain. Kahit kaunti lang."

May nginig ang kamay nito kaya nakaasiste si Sabel. Hinigop nito ang lugaw at napangalahati ang mangkok. He finished his orange juice and water. Ininom nito ang gamot na isinubo niya. Ni hindi na ito nagsalita, buo ang tiwala sa kanya. She can tell the man was powerless, he had no energy at

all. She was frankly getting worried now. Pero ano ang magagawa niya?

Lumabas siya ng silid. Nilinis niya ang pinagkainan at nagbalik sa kuwarto. Sinalat niya ang noo ng lalaki. Napaigtad siya nang abutin nito ang kanyang braso.

"I'm very cold," he said.

Alam niya. Nanginginig ito sa panlalamig. There was only one thing to do. Nahiga siya sa tabi nito. She needed to provide him with warmth. She hoped it was enough. Kailangan na nitong pagpawisan.

Nakatagilid siya ng higa paharap dito. She wrapped her arms around him. Nagtama ang kanilang mga mata.

"Thank you," he said, planting a kiss on her lips.

She was too shocked to move. Before she could collect herself, his eyes were closed and he seemed to have fallen asleep, shivering. She was not sure if he was still having fever hallucinations when he kissed her. However,

it made her realize that this man was indeed not *it*.

Her rapist was a different person, a monster who looked exactly like this man.


Chaos
POISON TRILOGY 2
VANESSA

# Chapter One

Gustong sigawan ni Conchita ang makeup artist na wala namang ginagawa kung tutuusin para kainisan niya, pero ang daldal nito. Why won't he shut the hell up so she can plan her next move?

"Ikaw na yata ang pinakamaganda kong bride, girl," anito. He was a big man, around five feet and ten inches tall, bulky, fair, with skin so soft. Isa ito sa mga pinakamahusay na artist sa ilalim ng isang sikat na celebrity makeup artist.

Tipid siyang ngumiti. Kanina pa niya hiling na sana ay manahimik na ito.

"Alam mo, girl, kung kabado ka, puwede kang mag-breathing exercises. `Wag mong

mamasamain pero kanina ko pa napapansin na tensiyonado ka. Relax. Ang pogi-pogi ng pakakasalan mo. Kung ayaw mo, akin na lang—"

"Do you mind if I smoke?" agaw niya dahil talagang hindi na niya kayang tiisin ang bibig nito. Nonstop ang beks mula kanina. She had been sitting there for an hour. Sanay siyang magpa-hair and makeup at alam niyang aabutin pa ng isang oras ang lahat. Ibig sabihin, isang oras pa niyang maririnig ang bibig nito.

"Sige lang, girl. Ako rin, okay lang ba?"

*Diyos ko! Sasamahan pa ako sa yosihan!* Nagtaas na lang siya ng balikat, saka dinampot ang cigarette case sa mesa. Tuluy-tuloy siya sa labas, may curlers sa ulo, naka-robe. Nakasunod naman agad sa kanya ang assistant, si Shella Mae. Dala nito ang bote ng sparkling water na mayroong stainless straw, agad iniabot sa kanya.

"Please make sure that makeup artist doesn't follow me. I can't think with his yakking!" aniya rito.

Lumingon ang babae sa pinagmulan nila. "Mukha namang hindi na sumunod, ma'am. Okay ka lang ba?"

"No. Obviously not." Kung may isang nakakaalam ng lahat sa buhay niya, iyon ay si Shella Mae. Matagal na niya itong assistant. Na-promote ito bilang kasambahay niya noon. Mabait ito, matalino. In fact, pinag-aral niya ito at nakapagtapos naman. Hindi siya nito iniwan dahil mataas ang pasahod niya.

Tahimik lang si Shella, alam na alam kung ano ang kailangang gawin sa ganoong mood niya. Agad siyang nagsindi ng sigarilyo at naghitit-buga. Nasa garden sila ng isa sa mga mansiyon ng mga Miller sa Tagaytay. Guillermo Miller, that was the name of the man she was supposed to marry.

But she didn't want to marry him. Not anymore.

Hindi tradisyonal ang naging simula ng relasyon nila. Nireto lang sila sa isa't isa ng kanya-kanyang magulang. She knew her father wanted the Millers to help them because he was having troubles with the business. Ipinangako naman iyon sa kanila ng ama ni Gil, dahil gusto nitong lumagay sa tahimik ang anak. She knew why because Gil was honest enough to tell her—his father didn't trust him fully. May record ito ng recklessness.

Iyon din ang dahilan kung bakit ito ipinasok sa army ng ama noon. At ngayong may apat na taon na itong wala sa army ay nabuhay na naman ang pangamba ng ama nito dahil bago siya ay mayroon itong babaeng kinabaliwan, isang babaeng hindi gusto ng ama nito.

Gil was interesting. She liked Gil. He was handsome, rich, smart, and well-educated, or on his way to be. Next term ay ikalawang taon na ng MBA nito sa Harvard Business School. Bihira silang magkita dahil nag-aaral ito sa

Massachusetts. Kapag gusto niyang magpunta sa Amerika, sabihin lang niya sa lalaki na gusto niya itong dalawin, padadalhan agad siya nito ng ticket, first class.

But to be completely honest, she didn't know the man well. Panlabas lang ang alam niya rito. Kapag naiisip niya, ni hindi niya alam kung ano ba ang mga totoong interes nito dahil hindi nila napag-uusapan ang mga ganoong bagay. Kapag dadalawin niya ito sa Boston ay busy ito kaya madalas na sa Harvard area lang sila. It was a cool place but if she had a choice, she wouldn't even go to the States but in Paris or Milan. Nagkataon lang na barya na lang ang allowance niya mula nang magkaroon ng problema ang kanilang negosyo.

In a way, marrying Gil was a solution to her problem. Wala siyang iisipin pa kapag pinakasalan niya ito. Magkasundo rin naman sila. He was also a generous lover. Their sex life was not bad at all.

But she didn't love him.

She was in love with somebody else.

Ang kanina pa nagpapagulo ng isipan niya ay kung tatakas ba para katagpuin si Larry, ang lalaking dumating sa buhay niya bago pa man dumating si Gil.

Larry was one of their workers. Supervisor ito sa kanilang employment agency bago iyon nagsara. Ngayon ay sa ibang agency na ito namamasukan. They met in the office. Gusto ng kanyang ama na mag-training na siya sa trabaho at dahil gusto nitong magsimula siya bilang clerk, si Larry ang naging supervisor niya.

She wouldn't ordinarily like Larry, but love is love. Iyon siguro ang malaking dahilan kung bakit hindi niya nagawang ipaglaban ang lalaki—dahil malayong-malayo ito sa inaasahan sa kanya ng mga tao. Larry was not a good-looking fellow. Ordinaryong-ordinaryo ang hitsura nito. But he was kind, hardworking, and he saw her for who she really was. Hindi tulad ni Gil na nakikita lang siya bilang pandekorasyon sa buhay nito.

At kahit hindi sabihin ni Gil, alam niya naman na kaya naging sila ay dahil kailangan din siya nito para paluguran ang ama. And yes, he might be kind to her and loving, but she had a suspicion that he was like that to all women. She was nothing special. Higit sa lahat, paano siya mamumuhay bilang Mrs. Miller kung wala siyang totoong pagmamahal kay Gil?

Sure, she cared for him, but not like the way she cared for Larry. Tanging ang huli lang kasi ang nakakakilala sa kanya nang totoo. Iyon siguro ang dahilan kaya sumugal ito at sinabing mauunawaan nito kung hindi siya darating pero maghihintay ito sa labas ng simbahan at itatanan na siya.

Bigla siyang napaluha nang maalalang isa sa mga dahilan kung bakit hindi niya mailantad si Larry noon ay dahil ikinahihiya niya ang hitsura nito. Poor Larry. He didn't deserve her. Ang sama-sama niya para maisip iyon. Dahil lang hindi guwapo at hindi mayaman, ipinagpalit na niya kay Gil?

Nasa ikaapat na yosi siya nang sabihin ni Shella na papalapit na ang makeup artist. Napaungol siya, saka dinutdot ang sigarilyo sa ashtray. Bumalik na siya sa bahay. She washed her hands, carefully brushed her teeth, and avoided wetting her face, gargled, before sitting down for her hair and makeup.

Nang matapos ay tinulungan na siya ni Shella Mae na isuot ang kanyang gown. She opted for a simple one. Hindi iyon ang dream gown niya. Bakit niya isusuot ang dream gown sa hindi dream wedding? At the back of her mind, she knew there will be a second wedding.

So maybe there shouldn't be a first… right?

Kumabog ang dibdib niya, nanlamig. She was about to make the biggest mistake of her life, she was sure of it. She needed more time. But it was not something she had. Kung bakit kasi kagabi lang siya tinawagan ni Larry para sabihin ang plano? Kunsabagay, siguro ay hindi rin nito inasahan na ipaglalaban siya.

He had always lacked confidence because, as he always said, *"Sino ba naman ako?"*

Pero alam niya, ito lang ang bukod-tanging ipaglalaban siya sa lahat, ang maglalakas-loob na itakbo siya at itanan sa mismong araw ng kanyang kasal. Larry was also the only one who saw her not only as a beautiful face, but a smart person with a ton of potential as well. He believed in her dreams. He was the only one who ever did.

Biglang tumulo ang mga luha niya. How can she possibly spend the rest of her life with a man who didn't even know or value her dreams and aspirations? Ganoon ba siya ka-superficial na dahil sa physical at financial na kakulangan ni Larry ay iiwan na niya at ipagpapalit kay Gil?

Larry made up for not being handsome or rich. He was a people person. Napakagaling nitong magsalita sa mga tao. It was the reason why he was the HR supervisor. He had the ability to read people and know what they were about. It was a gift. Naniniwala siyang

magaling itong businessman dahil nakikita niya iyon sa sinimulan nitong side hustle. He will go places. And she wanted to be there with him as he climbed to the top.

Halos wala pa rin siya sa sarili nang magsimula na ang pictorial. Her parents were very proud of their unica hija. Gusto niyang makaramdam ng guilt sa mga ito pero hindi ba at dapat na ang dalawa ang makadama ng guilt sa kanya? They pushed her to marry Gil. They kept telling her it would help them even if they had enough money and assets. More than enough. Alam niya dahil nakita niya ang alahas ng mommy niya na sinabi nitong naibenta raw dahil sa problema nila sa pera. They lied to her so that she would be forced to marry Gil.

And to be honest, if Larry didn't talk to her last night, no doubt, she would marry Gil. But now…

"Smile, Connie!" wika sa kanya ng photographer.

She did. Para siyang manyikang de-susi, gumagalaw kung ano ang habilin sa kanya ng mga tao. And then she was escorted to the limousine. Pinisil niya ang bisig ni Shella.

"Mauna ka, Shella. Hanapin mo si Larry. Papuwestuhin mo doon sa makakaalis kami agad."

Halatang nagulantang ang babae. Lumingon siya sa likuran. Malapit na ang kanyang ina na sasama sa sasakyan.

"Please, Shella."

Napuno ng takot ang mukha nito. "Pero, ma'am—"

"Sundin mo na lang ako. May plano ako. Please. Mauna ka na. Please, Shella," pakiusap niya.

Tumango ito habang nakatitig sa kanya, biglang namasa ang mga mata, saka nagmamadaling tumalikod.

"Where is she going?" takang tanong ng kanyang ina.

"Pinauna ko na sa simbahan, Mommy. Kasi nakita niya ang kuwintas ni Nora,

nalaglag," tukoy niya sa bridesmaid. "That drama queen will call everyone and stop the wedding if she can for that necklace."

"I'm sure that can wait."

Nag-imbento siya ng dahilan. "Kailangan din niyang ibigay sa bridesmaids ang lucky charms, Mommy. Come, we won't need her. It's a short ride to the church."

Sumakay na silang mag-ina sa limousine. She was stressed. Kung puwede lang, kakagatin na niya ang kanyang French nails.

"Are you okay?" tanong ng kanyang ina.

"Just a little nervous."

"That's normal, honey. I felt the same on my wedding day." Ngiting-ngiti ang matanda. She had no idea she was nervous for a different reason.

Pinagmasdan niya ang ina habang nagkukuwento ito kung gaano kasaya noong araw ng kasal. She knew she was not telling her the whole truth. Ang naaalala lang nito ay ang masasayang alaala dahil iyon lang ang pinili nitong tandaan. The old lady couldn't

lie to her. Alam niya ang ilang taong struggle nito at muntikan pang pagiging alcoholic dahil sa problema sa kanyang ama.

Mula teenager siya hanggang siguro ay limang taon na ang nakalilipas ay pinili nitong ipaglaban ang kanyang ama na muntikan nang sumama sa ibang babae—the same woman he wanted to marry but couldn't because he had to marry her mother. Ipinagkasundo rin lang ang mga ito.

Alam din niyang kung hindi lang isang gabing lasing na lasing ang matanda at ikinuwento sa kanya ang lahat, malamang na hindi niya malalaman. Because her mother was such a master at sweeping things under the rug. Mas gusto nito iyon kaysa magkaroon ng "eskandalo." As if leaving a philandering husband was a scandal when everyone was doing it anyway.

Hindi maintindihan ni Connie ang dahilan ng kanyang ina noon at hindi pa rin naiintindihan hanggang ngayon. Hindi nito puwedeng sabihin na ginawa nitong magtiis

para sa kanya dahil sinabi niya rito noon na huwag siyang alalahanin. Her mother always made it seem like nothing, her heartbreaks, her struggles, the fact that her husband was in love with another woman and had the gall to come home to her.

She always wondered how they can sleep in one bed. She cried for them. She hated her father, but she couldn't keep hating him. After all, she knew he had made a sacrifice when he married her mother. Sa kung anong dahilan, sa kabila ng lahat, nanaig iyon sa isip niya.

All that should stop.

She needed to stop that family tradition.

Ano pa ba ang kailangan nila? Mayroon siyang pera sa bangko. Mayroon silang mga mansiyon. Alam niyang mayroong magandang retirement pension ang mga magulang niya, kompletong health insurance na kayang bayaran buwan-buwan sa passive income ng mag-asawa mula sa mga paupahan.

Why must she sacrifice her own life for more money? Hindi pa ba sapat ang kung ano

ang mayroon sila? Most importantly, did her lifelong happiness cost so little that she was being asked to sacrifice it for riches they can do without?

"I love you, Mom," aniya rito, napaluha. She knew right then she would have to run away with Larry.

"I love you, too, baby." Pinisil nito ang kanyang kamay.

*I'm sorry if I'm gonna cause a scandal. Gil is an okay guy, but I'm in love with Larry. I respect you but I don't want to be like you, Mom.*

Nang pumarada ang limousine sa simbahan ay lumapit agad si Shella at sumakay.

"You just wait for the wedding coordinator, baby," anang kanyang ina, saka bumaling sa kanyang assistant. "Shella, ikaw na ang bahala. Kami ng daddy niya ang mauuna sa march. Do I look okay?"

Sabay silang tumango ni Shella. Hinagkan siya ng ina at nagmamadali nang bumaba ng sasakyan at nagtungo sa simbahan.

Sinalubong ito ng kanyang ama habang busy si Connie na itaas ang harang sa likuran ng driver.

"Nakita mo?" tanong niya kay Shella.

Tumango ito. "Nakaparada siya sa tabi ng kalsada, ma'am."

"Okay. Ganito, kapag nagsisimula na ang wedding march—"

"Hihintayin mong magsimula ang march? Bakit hindi mo na lang sabihin ngayon, ma'am? Magagalit si Sir Gil. Puwede mo namang sabihin na ngayon."

"They will follow me! Sigurado rin na pipigilan nila akong lahat. I need time."

"Dapat kagabi ka tumakas, ma'am."

"I know, but up until a few minutes ago I still wasn't sure if this is the right thing to do, Shella."

"Mali, ma'am, kung ako ang tatanungin. Hindi ka bagay kay Larry."

Na-offend siya sa sinabi nito at bigla ay gusto niyang mapaiyak. Pati ba naman ito, hinusgahan na si Larry dahil sa hitsura at

yaman? People will always see the outside. Bakit hindi na lang ang kalooban ang tingnan? Gil was a spoiled rich kid who always got what he wanted. Sure, he was nice to her, but they didn't know each other well. At sa totoo lang, nahuhulaan niya ngayon pa lang na playboy ito. Ito ang tipo ng lalaking flirt sa lahat ng babaeng maganda.

Isa pa, palagi na lang itong kailangang iligtas ng ama sa kapahamakan na ito rin ang may kagagawan. Ano ang magiging ganap niya sa buhay nito, nanny? His father had to save him from a life of a delinquent teen, the reason why his father made him join the army. Palibhasa ay sunod sa layaw, spoiled na spoiled. Mas spoiled pa ito sa kanya!

One would think the lesson Gil supposedly learned in Afghanistan will stick, but no, he went crazy over some married woman much older than him, so his father needed to marry him off to her. That was the kind of man Shella liked for her. Because he was drop-dead gorgeous and rich.

Bigla tuloy siyang napaluha. She felt a bit betrayed.

"Hindi mo kilala si Larry," aniya, puno ng pagtatampo.

"Ma'am, hindi ko naman sinasadya. Ang akin lang, paano ka bubuhayin ni Larry?"

"Hindi ko siya kailangan para mabuhay! May sariling pera ako! I can live on my own!" Napataas ang boses niya.

"Sorry, ma'am."

"I'm sorry, too. Oh, God, I'm super stressed. Where is he?"

Sinabi sa kanya ni Shella ang exact location ng kotse ni Larry.

"Where's my phone? My wallet?"

Iniabot sa kanya ng babae ang purse niya. It contained her wallet, passport, phone, and many others. Ang wedding purse niya ay maliit, para lang sa mga iaabot na tseke ng mga bisita at ninong at ninang. She left that one with Shella and held her regular purse. May panginginig ang kanyang mga kamay. Was she really going to do it? Yes, indeed.

"Give me your shoes, Shella. I need flats. Magpalit tayo."

Napilitan itong sumunod.

Nagbilin siya. "Kapag nagsimula na ang wedding march, magkakaroon ng pause at isasara nila ang church doors para makunan ng video ang bridal entrance. By that time, I'll be gone. I just need everyone to get inside before I split. Stall them as long as you can, Shella. Please."

Tumango ito. "Mag-iingat ka, ma'am. S-sana tama ang gagawin mo."

Tumango na rin siya, kabado. Tumingin siya sa simbahan. Ang mga nasa labas na lang ay ang entourage pero pinapapila na ang mga ito ng wedding organizer. Lumapit ang isang may headset sa kanila, kasama ang makeup artist na sinipat siyang maigi, saka sinabing hindi kailangan ng retouch at umalis na rin. Nagbilin ang organizer na bumaba na siya ng kotse kapag sumenyas ito.

"Now, Shella," aniya.

Lumabas ang babae at kinausap ang organizer. Habang hindi iyon nakatingin ay nagmamadali siyang lumabas sa kabilang pinto at nagtutumakbo patungo kay Larry. Bago siya sumakay sa kotse ay lumingon siya at nagulat. Gil was running toward her in his tuxedo. Running like what she assumed a guy in military would—with full mastery of every muscle of his body. God, he was gorgeous. How in the world he was able to follow so quickly she can only guess. She was too slow compared to him and he found out as soon as the organizer saw her perhaps. Naitimbre agad sa kasamahan sa loob ng simbahan.

"Conchita, come back! I'm warning you!" sigaw nito, halata ang galit sa tinig.

Noon siya natigilan at agad na sumakay sa kotse. Pagkasarang-pagkasara niyon ay pinasibad ni Larry ang sasakyan.

# Chapter Two

Malalaki ang hakbang ni Conchita pagkapasok sa mababang gate ng compound. Isang hilera iyon ng mga apartment; bahay sa kaliwa, kanal at pader sa kanan, daanan ang gitna na kasinlaki ng isang sasakyan.

Ang dulong apartment ang kanyang puntirya. Her movements were brisk. She was fuming mad. Tanaw niya mula sa kinaroroonan ang babaeng lumabas ng dulong pintuan. Napakaiksing shorts na maong, blouse na may spaghetti straps, at tsinelas ang tipikal na getup ni Bibeth, ang bilasang GRO na isa sa sumira ng buhay niya.

Mukhang bagong rebond at mani-pedi ang impakta. Halos natitiyak niyang amoy-

gamot na pula at tigbe-beinteng nail polish pa ang mga kuko nito sa kamay at paa. Tulad ng damit, uniform na yata nito ang kulay ng mga kuko—cheap red. Not deep, sultry red but cheap orangey red. Kunsabagay, may talent si Bibeth na pagmukhaing cheap ang lahat. Kahit balutan ito ng 24K gold, magmumukha pa ring kakalawangin kapag nabasa. Kapag silver ang ginamit, magmumukha lang itong embutido. Kapag nagsuot ng Gucci, ang unang maiisip ng makakakita ay hindi ang pamosong luxury brand kundi baka simbolo ng fraternity o gang at siguradong si Bibeth ang jowa ng amuyong. Because that was who she was—someone who would claim the success of small-time crooks as her own, that's after doing everything in her power to bed the men, even if they were married or in a committed relationship. Sikat din si Bibeth bilang Kabiteña—kabit dito, kabit doon.

May kinuha ang babae sa sampayan, pulang spider hanger, sabitan ng mga

underwear. Wala itong pakialam na makita ng kapitbahay ang panloob, isang bagay na hindi na nakapagtataka. Baka kahit balumbalunan nito ay nakita na ng mga kapitbahay. Tuyo na kaya hinango na sa pagkakabilad ang mga naninigas na underwear. She wouldn't normally pay attention to Bibeth's stuff, but she was there for a reason. At hayun, nakilala niya ang isa sa mga nakasabit na underwear, an original Calvin Klein for men. Alam niyang original dahil siya ang bumili. It was Larry's.

"Where is Larry?" she demanded when she got near.

"O, paano mo nalaman kung saan ako nakatira?" ani Bibeth, nakataas ang isang sulok ng mga labi.

Gusto niyang kalmutin ang mukha nito. That nice glow on her skin, she was almost sure it was because she took her Obagis and probably continued buying it with her money. Kasama itong naglimas ng mga gamit

sa bahay niyang walang pinatawad maski kaliit-liitang gamit!

"So you admit it? You're hiding from me." Hindi doon nakatira ang babae noon. May isang taon na niya itong pinaghahanap.

"Alam kong hinahanap mo ako. Balita ko, ako ang ipinagkakalat mong nagnakaw sa `yo. Bakit naman kita papansinin kung hindi totoo?"

"Kung gano'n, sino ang nagnakaw sa akin?!"

"Si Larry, sino pa?"

"At hindi ba niya gamit `yan?!" Itinuro niya ang panloob ng dating boyfriend.

"Ito?" Hinawakan nito ang dulo ng Calvin Klein at itinaas. "Si Larry lang ba ang may ganito sa buong mundo? Alam mo namang madami akong syota, eh."

"Wala ka ni isang syotang makakabili ng Calvin Klein. Bago si Larry, mga pipitsugin ang customer mo. Nasaan si Larry?!" aniya at hindi na naghintay na sumagot ito. Tinakbo

niya ang pintuan ng bahay at pumasok sa loob ng apartment.

Tumaas siya pero wala sa silid ang lalaki. Gayunman, nakita niya ang ilang mga gamit doon. Small things, things that did not cost much, like small decorative items. Inilabas niya ang phone para i-record ang lahat pero napasinghap siya nang agawin ni Bibeth ang gadget.

"Trespassing ka na, teh," anito, kalmado, bumaba na sa hagdan.

Lumabas ito, tangay ang phone niya. Hinayaan niya ito at tiningnan ang banyo at kusina ng bahay. Wala talaga doon si Larry. Lumabas na siya. Inabot sa kanya ni Bibeth ang phone. Agad niya iyong hinablot.

"Nasaan si Larry?!" singhal niya.

"Aba'y sadyang pinagtataguan ka, `teh. *Nakaka-boring* ka daw, eh. Ang lamya mo raw kaya naghahanap siya ng totoong babae. Tuod ka raw kasi, daig mo pa ang senior citizen na *menopos*. `Wag ka nang magtaka kung nilayasan ka."

Wala na siyang pakialam kung ano pa ang opinyon ni Larry sa kanya pagdating sa relasyon nila dahil sa totoo lang, nitong nakaraang tatlong taon ay nasa likod na rin naman ng isip niya na maghihiwalay sila, matapos ang isang taong pakikibaka niya sa lungkot nang malamang nambabae ang lalaki. She couldn't stand him anymore, but she was in too deep. Mawawala sa kanya ang lahat kung iiwan niya ito. It was that last thin strand of hope that kept her in that relationship.

"Wala akong pakialam kahit magpakasal pa kayo, naiintindihan mo ba `yon, Bibeth? Ang gusto ko lang, makita siya dahil nasa kanya ang pera ko!"

"Wala akong alam." Halatang nagsisinungaling ito at mukhang hindi na nag-aabalang itago pa iyon. Bakit nga naman kung nakita na niya ang ebidensiya sa sampayan?

"Sabihin mo sa akin kung nasaan siya, bibigyan kita ng reward."

"Saan ka kukuha ng pera, teh? Mas mayaman pa ako sa `yo ngayon," mapang-inis nitong tanong. "Ihanap na lang kita ng customer, kung gusto mo."

Doon sumulak ang galit niya. "You piece of shit!"

Sinugod niya ang babaeng mukhang mabantot, dinagit ang bahaging alam niyang hindi nito magugustuhan—ang bagong rebond. *Hit `em where it hurts!*

Sa haba ng super dry nitong buhok ay puwedeng hindi na niya pakawalan kailanman. And she will deserve it. Hindi pa ito nakuntentong nakawin ang boyfriend niya, pinagnakawan pa siya ng dalawa, at ngayon ay gusto pa siyang pagkakitaan at i-recruit bilang prostitute. The nerve of this animal! To speak to her with such disrespect!

Malakas din ang babae at nagawa siyang sipain, pero hindi sapat para pakawalan niya ang buhok nito. To hell with bruises. Hindi siya takot sa mga iyon.

"Tangina mong puta ka!" sigaw ng tunay na GRO, napakalutong ng mura na halatang sanay na sanay itong bigkasin. Bakit pa siya magtataka kung walang hindi papasok at lalabas sa bibig nito? Nagpilit ang babaeng abutin ang kanyang buhok pero hindi nito mahagip kaya tinangka nitong suntukin siya at tadyakan.

Ilang ulit siya nitong natamaan pero halos hindi niya madama dahil totoo palang nakakabaliw ang galit. Parang tinakasan na siya ng katinuan nang mga sandaling iyon. Habang pumapalag si Bibeth ay lalo siyang nanggigigil. How dare this bitch fight back? Hindi na lang ito mag-sorry. Kung nag-sorry ito simula pa lang, malamang sinigawan na lang niya ito. But no, Bibeth had the audacity to feel and act proud. The last straw was the offer. Totoo man iyon o hindi, the mere fact that she had the gall to say those things to her after stealing everything was too much.

"Sasabihin mo ba sa akin kung nasaan si Larry o ingungudngod ko ang mukha mo sa pader?!" singhal niya.

"Tulong! Tulong!" sigaw nito.

Hindi na nagdalawang-isip si Connie, nginudngod na niya ang pisngi ng babae sa magaspang na pader.

Mayroong umawat sa kanya. Lumingon siya at hindi nakilala ang lalaking humawak sa kanyang mga braso. Dahil doon, nasugod siya ni Bibeth at nasapak. She tasted blood. Nanginig siya sa galit pero malakas ang mama na may hawak sa kanya, malaki ang katawan, mukhang sanay sa gym bakal. Salamat at mayroon na ring umawat kay Bibeth at hindi na nadagdagan pa ang mga galos at sugat niya.

"You will pay for this! You will pay for this!" sigaw niya habang bitbit ng lalaki palabas. Hindi na siya pumalag dahil na-drain na ang kanyang energy. "Oh, you will pay dearly, if it's the last thing I ever have to do in my life, you fucking bitch!"

Napahagulgol na siya hanggang mailabas ng lalaking borta. She cried even more that she knew how to describe him that way. Who was this Conchita? Isang babaeng sumusugod sa ganitong lugar, nang-aaway, nananakit, walang enerhiya, pinagnakawan, dry ang balat, hindi na naalagaan ang katawan, at kailangan na ring magtago very soon. She will become a fugitive.

May tindahan sa harapan ng unang apartment at kumuha ng tubig doon ang mamang malaki ang katawan.

"Uminom ka muna."

Naubos niya ang laman niyon, saka naupo sa bangko ng sarisari store. "Thank you."

Lumabas na rin ang lalaking umawat kay Bibeth kanina. "Hindi raw magpapa-barangay, paalisin na lang daw ang… ang bisita. Kapag bumalik daw, saka siya pupunta sa barangay."

"Ang kapal ng mukha niya!" aniya, sabay tayo. "Nakikita n'yo ba ang lalaking kasama niya diyan? Si Larry?"

"Larry? Wala, miss. Travis ang pangalan ng kasama ni Ate Pau," sagot ng lalaking umawat kay Bibeth.

"Pau? Iyong sinabunutan ko? Bibeth ang pangalan noon. Anong Travis? Larry ang pangalan noon. Maliit na lalaking maitim na mataba?" Nang tumango ang lalaki ay napabuga siya. "Ang laki ng kinuha nila sa akin. Ang laki-laking pera. Pero kulang pa rin `yon dahil ang dami nilang ninakaw. Scammers sila. Paki-text ako kapag dumating si Larry at tumawag na rin kayo ng pulis." Ipinasulat niya sa phone ng mga ito ang numero niya, nangakong bibigyan ng reward ang mga ito sa impormasyon.

Nagpasalamat siya at umalis na rin, sakay ng kanyang secondhand car. Tumuloy siya sa pinakamalapit na police station at ni-report kung saan nakatira si Larry dahil may warrant of arrest na ito. She drove home, thinking of ways to save herself from the mess she was in. Why did it have to come to this?

Ah, yes, of course, how can she forget? Once upon a time, a princess kissed a frog that didn't turn into a prince. What happened was the opposite, the regular garden frog turned into a poisonous one and grew more warts. Sa fairytale lang pala nagiging prinsipe ang palakang hinalikan ng prinsesa, sa totoong buhay ay nagiging mas pangit at pinupulutan ang mga langaw na tulad ni Bibeth.

The first year of their relationship after she ran away from her family was hard, but manageable. Mahirap dahil itinakwil siya ng mga magulang at sinabing kailanman ay hindi siya tatanggapin hanggang kasama niya si Larry. Hindi siya natauhan doon. She thought her parents were just being harsh. Matapobre ang mga ito, hindi matanggap si Larry.

Tumira sila ni Larry sa paryentes nito. But she knew that wouldn't work because she didn't like them. Hindi siya sanay sa buhay at bahay na walang katahimikan halos beinte-

kuwatro oras. Bumili siya ng maliit na bahay sa isang subdivision. They started a new business. It was hard because she was trying to do everything. Hindi na ismarteng kunin niya pa rin si Shella dahil hindi niya kaya ang sahod nito sa puntong iyon. Yes, she still had money, but it was limited. Hindi na tulad noon na alam niyang may backup siya, ang kanyang mga magulang.

Habang mayroong sama ng loob sa mga magulang na parang mas pinili pang itatwa siya kaysa intindihin at tulungan, nagsimula siya ng isang buhay kasama ang lalaking ipinaglaban. At first, it seemed worth it. All the pain, all the sleepless nights just planning the business. Lahat ng nakaimbak na kaalaman sa isip niya ay lumabas. Aminado siyang pumasa lang sa school dahil sa diskarte. She never studied to understand business management. She studied to pass, and that's it.

Cosmetics ang sinimulan niyang negosyo, mula lipstick hanggang concealers. It was

doing okay but it seemed as if the money coming in was not enough to make it all worthwhile. Until Larry decided to help her out.

Aminado siyang noong una ay may duda siya sa plano nitong gawing multilevel ang marketing ng mga produkto niya pero ang sabi nito, bakit hindi nila subukan na maging Avon. Nahihirapan kasi silang magbenta sa A market dahil siyempre, ang gusto ng mga iyon ay Chanel, Mac, and all those brands. Kung gagawin nilang drugstore brand ang sa kanila ay mahirap namang sumabay sa mas kilala nang brands na institusyon na sa market. Ayaw niya namang gawing sobrang mura ng produkto na para sa bangketa dahil mahirap nang itaas ang image mula roon. Larry suggested that they find a way to make the brand affordable without losing its dignity. Iyong tipong mura pero pagkakatiwalaan.

Oh, how the project excited her. They rebranded the products. Siya ang naka-focus sa produkto, habang si Larry naman ang nasa

marketing. It was an odd team up because she was supposed to be the face of the products, pero aminado siyang mas may alam si Larry sa market na puntirya nila.

May tiwala sila sa produkto nila kaya namigay sila ng samples, nag-conduct ng seminars, ipinakilala sa prospective investors ang CC—Connie Cosmetics. Unti-unti ay nakilala sila. In two years, they saw exponential growth in the business. Na-feature siya sa magazines, na-interview pa sa mga talk show. The business was heading to the top quickly. They were starting to feel the effects of it. Lumaki na ang bahay nila, nakabili ng magandang mga sasakyan, nakapag-invest sa iba't ibang mga negosyo. Larry was a brilliant businessperson, like she thought.

Sa puntong iyon ng buhay nila niya inakala na magiging maayos na ang lahat. She was slowly learning to be happy without being accepted by her parents, business was doing well, she thought she was slowly

mastering the art behind the products, Larry was becoming the man she always thought he was—brilliant and kind. And then came the beginning of the end.

Natuklasan niyang nambababae si Larry. Accidental lang ang pagkabisto niya rito.

*Nasa home office siya, nakaharap sa laptop. Nalimutan ng lalaki ang phone sa charger nang may tumawag doon. The outlet was behind her, and the phone was on silent mode, but she saw the reflection of the screen from her tablet. Hindi niya sana papansinin pero agaw-atensiyon ang picture ng isang babaeng halos hubad sa screen. Agad niya iyong tiningnan. Ang pangalang rumehistro sa screen: Brian. Nanlata na siya noon dahil ilang buwan nang tuwing aalis si Larry ay si "Brian" ang kasama nito. She thought Brian was their latest recruit that was selling a ton of products and recruiting so many partner-sellers. Isa palang babaeng naka-underwear.*

*Ibinalik niya ang phone at nagbalik sa upuan sa tapat ng laptop. It was the weekend*

*and she brought home a lot of work. Sanay na siya sa trabaho, hindi tulad noon na panay pasarap siya sa buhay. But did she work so damned hard that she didn't see this happening?*

*Lumabas siya ng office mayamaya, kumuha ng bottled iced coffee sa ref at tumuloy sa garden. They now lived in an upper middle-class subdivision in Laguna. Ang opisina nila ay nasa iba't ibang bahagi ng Cavite at Laguna. Ang recruits nila ay worldwide na.*

*And yet, the man she was going to spend the rest of her life with was spending his time with "Brian," the scantily-clad woman.*

*Kalahating oras bago siya hinanap ni Larry. Halatang wala itong ideya na alam niya kung sino ang tumawag dito. Naliligo ito nang tumawag ang "Brian" na iyon at hindi siya naabutan sa office kaya malamang na naiisip na hindi niya narinig. Isa pa, wala sa personalidad niya ang hindi magtanong agad.*

*Pero hindi niya magawang magtanong. She couldn't confront him because something was telling her she needed to know more about that*

*"Brian." She needed to get to the bottom of the situation.*

*"Alis muna ako," paalam ng lalaki.*

*"Saan ka pupunta? It's the weekend, Larry."*

*"Oo, pero business is business," nakangiting sabi nito, saka siya nilapitan. "Alam mo namang kailangan nating kumayod maigi."*

*"Pero saan?"*

*"May imi-meet kaming potential partner-seller." Iyon ang tawag nila sa mga downline or new recruits.*

*"Biglaan naman `yan."*

*"Oo nga, eh. Bigla rin lang itinawag ni Brian."*

*"I must meet this Brian one of these days. Mukhang ang dami niyang ipinapasok na clients."*

*"Sure. Masyadong masipag `yon, eh."*

*"Saan ang meetup?"*

*"Sa Alabang."*

*"Sumama kaya ako? I want to buy some stuff."*

*"Naku, hindi ka pa nakakapag-ayos, anong oras na. Bukas na lang kita sasamahan kung may bibilhin ka. Para din mas madami kang time mag-shopping, babe."*

*"All right, sweetie. Take care."*

*Humalik ito sa kanyang pisngi at muntikan na niya itong maitulak.* Layuan mo ako, pangit. *For the very first time, she referred to him as "pangit" in her mind. At natigilan siya nang maunawaan na nasa isip niya iyon. Siya pa ang biglang nakonsiyensiya dahil bakit niya biglang natawag ang lalaki na pangit? Ibig sabihin, pilit lang niyang iniisip na hindi?*

*She had always known he was not good-looking, but never did she see him as pangit. O noon pa niya iyon nakikita at ibinaon lang niya sa isang sulok ng isip? Ah, hindi na mahalaga. Ang importante ay malaman niya kung ano ang totoo. So she followed Larry. Wala pang isang oras, nabisto na niya kung saan ito nagtataksil. Napaka-cheap ng pangit—sa Lover's Lane Motel and Restaurant. There was no doubt in her mind that he was cheating. Hindi ito sa*

*Alabang nagpunta, ni hindi sinundo si "Brian." Tumuloy ito sa mismong motel.*

*He was a disgusting pig.*

*Agad siyang umuwi. She was fuming mad. Naloko siya ng pangit. At ang pinakamasaklap sa lahat ay hindi niya ito malalayasan dahil nasa kamay nito ang pera niya. She needed to strategize, or she would lose everything.*

# Chapter Three

Connie tried to make things work between her and Larry when he discovered that she knew about his cheating. Nangako itong magbabago at naniwala siya, pinagbigyan ito. But she had to admit that she never saw him like she did before.

Na-realize niya na kaya niya ito natawag ng pangit sa isip ay dahil lumabas bigla ang kapangitan nito, hindi dahil sa nasa likod ng kanyang isip iyon. Kahit na sinong lalaking gagawa ng ginawa nito ay bigla ring papangit sa paningin niya.

Still, she needed him in her life. Tinalikuran niya ang lahat para dito. Hindi siya puwedeng sumuko agad. Lahat ng tao ay

nagkakamali. Ang mga magulang nito ay nangako rin sa kanya na babantayan ang lalaki. Larry begged and kneeled and told her he was willing to suffer the consequences of his actions.

She stayed because she had no one else. Her parents suddenly passed away from a car accident.

And although she was willing to forgive Larry, she moved to another bedroom.

He vowed to do everything in his power to make her trust him again. Kung twenty years daw niya itong hindi gugustuhing humawak man lang sa kanyang kamay ay gagawin nitong magtiis.

And all that dramatic bullshit.

That was all it was—bullshit. Dahil makaraan lang ang isang taon, nahuli na naman niya itong nambababae. Si Bibeth. Sinugod niya ang babae sa galit. Siguro, mas galit siya sa sarili sa puntong iyon. Once again, Larry apologized and made promises he couldn't keep. Nagpanggap siyang

naniwala sa pangako nito kahit sukang-suka na siya dito. Lalo na at gumagawa ng paraan si Bibeth para inisin siya tulad ng pagko-comment sa posts niya sa social media.

Larry always said Bibeth was an asshole. Na gusto lang ng babaeng sirain sila. Hindi raw nito seseryosuhin ang ganoong klaseng babae, at iba pa.

Pero diring-diri na siya kay Larry dahil nalaman niyang nagtatrabaho si Bibeth sa isang club—isang pipitsuging club. Larry met her because she was one of their potential partner-sellers. And she would always taunt her, send her private messages, sometimes even show up in an event looking like the whore that she was.

Tiniis niya iyong lahat. She needed a way to separate her money from Larry's without him finding out. Let him think she was gullible and deeply in love with him. Hanggang lang sa makuha na niya ang pera nang buo at malaman ang totoong halaga ng lahat ng investments nila. Pero hindi iyon

madaling gawin dahil ito ang humahawak ng pera.

And then they made more money than she could ever imagine. They had small-time investors but there were a lot. Iyon ang sekreto ng kanilang tagumpay, ang maliliit na taong gustong umasenso na tulad nila. They were the best business team, that's what everyone believed. Kung bibitiw siya, magsisimula siya ng panibago. The company will probably lose a lot of money.

Hindi alam ni Connie kung ano ang gagawin kaya nagpatuloy ang buhay niya sa ganoong sitwasyon. Until one day, her secretary filed a resignation letter. Kinausap niya ito at doon na ito nagsabi na ayaw daw nitong patuloy na mamasukan sa isang scam company na kapag nahuli ay isa ito sa makakasuhan.

Nabigla siya sa akusasyon nito. That was when she found out the truth. At iyon ay natuklasan din lang ng sekretarya niya dahil nagkataong secret boyfriend nito ang isa sa

mga accountant ng kompanya at magre-resign na rin iyon dala ng matinding takot. It was only a matter of time before everything blew over.

Dahil ayaw nang ma-involve ng dalawa sa kompanya, napilitan siyang humanap ng kakampi para mailigtas ang sarili. But it was too late. She was in too deep. Lahat ng pinakitang dokumento sa kanya ni Larry ay peke at wala siyang katibayan para patunayan na totoo ang mga iyon. Not one of them was signed! Bukod pa roon, kasama ang pangalan niya sa joint account nila, which only contained less than half of all the money they got from investors!

At hindi lang basta investors ang mga iyon kundi mga normal na tao, mga taong talagang aaray kapag nawalan ng pera sa loob ng matagal na panahon. Naospital siya sa sobrang pagka-stress pero hindi ipinahalata kay Larry na alam na niya ang lahat. She hired an investigator to help her. Mayroong firm na iyon talaga ang trabaho. Sa loob lang ng isang

buwan, natuklasan niyang walang investments na pinaglagyan ng pera si Larry. He stashed away the money somewhere and bought properties for himself! Sigurado siyang may secret bank account ang animal, pero mautak ito at wala ni anumang bakas ang mga iyon sa bahay. Kahit sa phone nito, walang bakas ang mga iyon. He probably kept a phone and laptop somewhere.

Pinaplano pa lang niya ang gagawing pagbawi ng mga nakuha ng lalaki nang makatunog ito. Larry disappeared when she was in Cebu on business. Parang nakahanda na itong umalis noon pa dahil hindi lang ito ang nawala, kundi maging buong pamilya nito. Nilimas nito ang laman ng bahay nila. Limas na limas. Maski basura—empty bottles, cardboard boxes, used bubble wraps, lahat—tinangay!

She had to face everything by herself.

Sa unang mga buwan ay nakikipag-areglo siya sa mga tao gamit ang pera niya. Dalawang ulit pa siyang naospital sa stress

pero awa ng Diyos, buhay pa rin sa kabila ng lahat. But she couldn't pay all her debts without the money Larry took. All she could do was keep the creditors at bay. Paunti-unti ang pagbabalik niya ng pera sa ilan sa mga ito, may kasulatan na pinirmahan sa tulong ng abogado.

But there were still a lot that needed their money back and she had sold everything she had. Everything. Even her own personal properties that her parents left her. Mabuti na lang ay pumanaw ang mga magulang niya bago siya maabutan sa ganoong kalagayan. Hindi rin malaki ang halaga ng namana niya sa mga ito dahil totoong malaki ang nawala sa dalawa noon, hindi lang sinabi sa kanya ang totoong sitwasyon.

Still, they managed to leave her a house in an upper middle-class subdivision, some jewelry, plus her luxury bags were all still there. Pero naibenta niya ang lahat ng iyon para lang makabayad at maareglo ang mga demanda sa kanya. She still needed around

fifty million pesos. And Larry had it. Suwerte nito dahil daang milyon na ang nailalabas niya, perang hindi nito pinaghirapan dahil magnanakaw pala ang pangit na demonyo!

The worst thing now was that he was living in that dump! Ibig sabihin, wala na rito ang pera. Kilala niya ito, hinding-hindi ito titira sa ganoong apartment kung hindi lang ito talagang hirap na.

She almost didn't find him as well. Ang galing nitong magtago. Kahit ang PI ay hindi ito nakita sa unang dalawang buwan ng pagkawala nito. Hindi na niya kayang magbayad ng PI matapos niyon dahil sa mahal. She did it herself. Lahat ng kontak nito ay ineespiyahan niya. She would try to remember every person she met through the bastard. She would piece together information about him and Bibeth. She would talk to people Bibeth knew. Every week, she would devote at least two days finding them. Alam niyang kapag nakita niya ang isa, makikita niya ang isa pa.

After ten months, she finally caught a break. Isang hindi kilalang numero ang nag-text sa kanya ng address ni Bibeth. Noong una ay hindi siya makapaniwala pero sa dami ng kanyang pinag-iwanan ng numero para lang ma-trace ang babae ay magbubunga nga siguro, lalo na at sinabi niyang mayroon siyang ibibigay na cash reward.

Ten months and Larry was back in poverty, it seemed. Why? Nasaan ang pera nila?! Saan nito dinala? Hindi siya naniniwala na kaya nitong ubusin iyon kay Bibeth lang. He took at least one hundred million pesos! Pero nangungupahan ito sa isang apartment na umaalingasaw ang amoy ng kanal sa gilid.

Imbes na umuwi ay tumuloy siya sa simbahan. Weekly din ay umuusal siya ng dasal kay Saint Anthony of Padua, patron ng mga nawawalang tao at ng mga may utang. She wasn't a religious person at all, pero kapag pala nasa bingit ka ng pagkakakulong, matatawag mo ang lahat ng santo.

Tumuloy siya sa sementeryo pagkagaling ng simbahan. Napahagulgol siya dahil hindi pa rin niya napapagawan ng musoleo ang mga magulang. Pero sana ay na-appreciate ng dalawa ang sementeryo. She could've sold their lot there because it was worth millions, but she couldn't do that to her parents. Iyon lang, wala pa rin siyang pampagawa ng musoleo.

"I'm very sorry, Mom, Dad," iyak niya. "If you can still help me, would you mind?" Lalo nang lumalakas ang kanyang iyak. Palagi na lang ganoon ang nararamdaman niyang pagkakonsiyensiya sa mga magulang dahil hindi sila nagkaayos ng mga ito. She would always send them gifts and cards, but they never replied to her. Sana, kahit sa huling sandali ay nagawa siyang patawarin ng dalawa.

Pero kung buhay ang mga ito ngayon, malamang na napapailing na lang sa sinapit niya. But she was sure that they would help her. Maaaring pagagalitan siya ng mga ito

nang husto pero hindi siya pababayaan. She was also sure that her father could still borrow money from people to save her.

Malaking tulong ang ibang naiwan ng mga itong ari-arian. Pero sa laki ng na-scam ni Larry ay talagang hindi pa rin kinaya. At ngayon, hindi niya alam kung ano ang gagawin. Wala na siyang puwedeng ibenta. Ang secondhand niyang kotse ay kailangan niya para lakarin ang mga importante. Baka wala pang singkuwenta mil ang halaga niyon dahil sa kalumaan. Suwerte na lang niya talaga na maayos ang dating may-ari.

She made money by selling stuff online. Same products, different brand. Mayroon siyang kasambahay, si Esme, na pinapapronta sa live selling. Ito rin ang nakalagay sa pangalan ng may-ari ng shop. Mabuti na lang at mabait at mapagkakatiwalaan. She was still making good money, enough to live, but not enough to pay her debts. Baka hanggang kamatayan ay babayaran niya ang utang kung hindi siya gagawa ng paraan. But how? Ang

tanging naiisip niya ay hanapin si Larry. She had to admit that she fantasized about interrogating that animal. Hindi niya kayang sukatin ang galit dito.

Umuwi na rin siya. She now lived in a modest house in Dasmariñas, Cavite. Anim na libo ang renta buwan-buwan, two-bedroom, pinalagyan na lang niya ng dibisyon ang sala para may mini-lab siya kung saan ginagawa ang mga paninda.

Ipinarada niya ang sasakyan sa tapat ng bahay. Pagpasok sa gate ay agad siyang kinabahan nang lapitan ng dalawang lalaking mayroong baril sa tagiliran.

"Magandang hapon, ma'am. Puwede ka bang maimbitahan sa presinto?" anang isa, ipinakita sa kanya ang tsapa.

"P-para po saan?" Tumingin siya sa pintuan, nakatingin sa kanya si Esme.

"Tinatawagan kita, ate, pero hindi ka sumasagot."

*Shit!* Naubusan siguro siya ng data kaya ring lang nang ring sa end ni Esme.

"May warrant ka, ma'am." Iniabot sa kanya ng pulis ang warrant of arrest. Ang kaso niya, estafa. Alam niyang kung hindi siya makakapag-bail agad, malaki ang chance na mag-ipon-ipon na ang mga na-scam. Larry created what might be considered by law as a syndicate. Mga kaanak at kaibigan nito ay kasali rin.

The other police officer recited her the Miranda rights. Hindi na siya pinosasan ng mga ito, kusa na siyang sumama matapos magbilin sa kasambahay na tawagan agad ang kanyang abogado.

She really needed a new lawyer, one who was an expert in cases like hers and with connections. Pero may presyo ang mga ganoong abogado at hindi mura. Hindi kaya ng budget niya.

Nang makarating sa city jail ay pinroseso na siya. She had never felt more humiliated in her life. Habang kinukuhanan siya ng fingerprints at mugshot ay gusto na niyang mamatay sa kahihiyan.

Some people only get their hearts broken when they fall for the wrong person, so why must she go to prison for it? It was so unfair. Life was so unfair.

Nakiusap siya sa mga pulis kung puwedeng hintayin niya ang abogado sa opisina ng mga ito. Hindi siya handang pumasok sa selda na nakita niyang punong-puno ng bilanggo. Pero dahil hindi rin niya makontak ang abogado niya at hindi alam ng mga pulis kung kailan siya makakapag-bail, ipinasok na rin siya sa kulungan. Pero pagkapasok na pagkapasok ay nanginig siya at hindi nakahinga.

She just knew she was going to die. She was probably having a heart attack. She cursed Larry from head to toe as she struggled to find air.

Akala niya ay isusugod siya sa ospital pero hindi na pala kailangan. May doktor na nakakulong, parang in-house doctor na rin kung ituring, base sa pananalita ng pulis. Pinapunta siya sa isang opisinang may aircon

at doon ay may gamit naman ang presinto. Ang bilanggong doktor ay matanda na, babae, kinunan siya ng blood pressure, tinanong ng mga detalye.

Tumaas ang blood pressure niya pero matapos ang fifteen minutes, nang mapainom na siya ng tubig, ay nagbalik na iyon sa normal. Kailangan daw niyang magpa-general checkup, sabi ng doktora. Kailan daw siya huling nagpatingin sa doktor. Most likely, anxiety attack daw ang nangyari at ngayon ay naging normal na ang kanyang paghinga. Kung sa emergency room daw siya dinala, malamang na kakabitan siya ng ECG machine. Pero kailangan pa rin daw niyang magpatingin para malaman kung mayroon siyang iba pang problema.

Nahiya siyang itanong kung ano ang kaso nito kaya nagpasalamat na lang siya. Pinabalik na ang doktor sa kulungan. Hindi pa rin makontak ang abogado niya pero hindi na pala kailangan dahil mayamaya ay dumating ito. At hindi ito nag-iisa.

"Gil…" sambit niya sa pangalan ng lalaking kasama nito.

"We meet again, Conchita," her former groom said, without any emotion on his handsome face.


Mad Dog
POISON TRILOGY 3
VANESSA

# Chapter One

Lumiko si Remedios sa isang pasilyo ng mansiyon nang makita ang hindi inaasahan—the wife of the young congressman was kissing someone else. Kung bakit kailangan pa niyang makita ang dalawa, tuloy ngayon ay nalagay siya sa alanganin. Ah, siya nga pala itong bigla na lang tumaas sa bahay kahit may nakasulat nang bawal doon ang bisita.

The congressman's wife, Stacey, was kissing another woman. And it was a very hot kiss.

Ngayon, biglang naging kasama na siya sa isang sekretong hindi niya gustong malaman in the first place. She hated knowing details like that. Nakakainis din na masyadong mainit ang dalawang babae. Were they in

love, in lust, or both? But what about the politician? Totoo kaya ang balita na isa itong bakla? Probably. Puwede rin namang isa lamang iyong tsismis at ang asawa nito ay mayroon lang affair sa iba. It was even possible that the congressman would join the two. Who the hell knows?

Tatalilis sana siya pero mahaba ang pasilyong patungo sa hagdan at narinig niya ang ingay ng naghahalikan. Gumagalaw ang dalawa. Nag-alala siyang baka maabutan ng mga ito kung tatakbo patungo sa hagdan kaya pinihit niya ang doorknob ng unang pintong nakita. It wasn't locked. Pumasok agad siya doon. Para siyang nakahinga nang maluwag hanggang sa marinig ang pagbukas ng pinto.

*Shit!*

Hindi na siya nag-isip at tumabo na lang patungo sa closet at pumasok doon. The door was made up of solihiya or cane webbing. Bagay iyon sa kabuuang silid at maging sa mansiyon na Filipinana-style. But it meant

that from where she was, she could see what was going on inside the room.

Pumasok na sa silid ang dalawang babae, naghahalikan pa rin.

It was then that she noticed she was not alone in the closet. Bumaling siya sa kanyang kaliwa at muntikan nang mapasigaw nang makitang mayroong lalaking nakatayo roon. Naitakip niya agad ang mga kamay sa bibig. Ito naman ay idinikit ang daliri sa labi, ibig sabihin ay huwag siyang maingay.

Napalunok siya, unti-unting nabura ang kaba nang mapansing mukhang bisita rin naman ito. Did he also see the two and decided to hide there? Pero nasaan ito kanina? Ah, hindi niya alam. Ang hula niya ay hindi niya ito napansin agad dahil hindi niya naman nabuksan ang pintuan kung saan ito nakatapat. Isang buong pader ang lapad ng closet at mayroon iyong anim na pintuan. Binuksan niya ang ikalawa mula sa dulo. Ang lalaki ang nakapuwesto sa ikaapat. There was one closet door between them. Mukha lang

wala na itong mauusugan sa kanan nito dahil natatanawan niya ang ilang golf club bags. It was probably a guest bedroom, with the closet being used to store golf equipment.

The man a few feet beside her smelled good. Hindi niya kilala ang scent na iyon. It was masculine but not overpowering. Parang ang sarap amuy-amuyin. Who was he? Ah, mamaya na lang niya aalamin.

Mula sa labas ay alam niyang hindi sila kita sa loob ng closet kahit pa butas-butas ang pintuan. But from where she was, she could clearly see the two women having sex. It was making her feel very uncomfortable and yet, she couldn't stop looking.

Stacey was now on the bed. Suot pa rin nito ang dress pero nakalilis na iyon hanggang sa baywang, revealing a hairless vagina. Agad na lumapit dito ang kapareha. Pilit inaalala ni Reme kung saan niya unang nakita ang babae pero hindi niya maalala. Probably an actress or influencer in her thirties.

The woman started licking the congressman's wife's vagina.

Reme was as straight as can be but looking at the two made her hot. They were hot. She couldn't deny that. And the moans of the wife were wild. Why did they have to do it here though?!

Oo nga pala, ang tanong ay kung bakit siya tumaas sa restricted area. Pero hindi naman siya nag-iisa, kasama niya ang lalaking nasa tabi. What the hell was that man doing there anyway?

Ang hirap ng sitwasyon dahil kapag tumingin siya sa unahan, nagse-sex na mga babae ang makikita niya. Sa tabi naman ay ang lalaking napaka-awkward tingnan, lalo na at merong nag-uungulan sa silid. Ayaw niya rin namang pumikit para alerto siya sa kaganapan.

She wished the two would stop having wild sex. Kasabay niyon ay hindi niya maiwasang itanong kung talaga bang mayroong ganoong klaseng lust. Iyong tipong

kahit saan na lang, tipong hindi na mahalaga kung mabisto pa ng iba. The kind that would make anyone want to do it right then and there, that kind of lust. If so, then she would like to experience that, too.

Napalunok siya habang nakatingin sa dalawang babae sa kama. It was Stacey's turn to lick the other woman's vagina. It wasn't her first time. She was an expert! The way the woman moaned, the way Stacey moved her finger inside the woman, shaking it.

"Baby, I'm gonna come!" sambit ng babae.

Reme knew she was wet between the legs. She could feel it. And it was then that the door of the room opened. Napasinghap siya at agad na natahimik nang madama ang isang mainit na palad sa kanyang bibig. The man beside her put his warm palm over her mouth. Nanlalaki ang mga matang tumingin siya rito.

He placed a finger against his lips and mouthed, "shhh." He gently removed his hand from her mouth. He was very calm. Kabaligtaran niya dahil ang pumasok sa silid

ay ang congressman. And he was not alone. He was holding a man's hand in a loving manner. Sino ang hindi maguguluhan sa nasasaksihan?

"I knew it!" anang politiko, binitwan ang kamay ng lalaking kasama. Mukhang galit ito.

Stacey was unbothered. Tumayo ito, inayos ang dress. "What do you know, Martin?"

"This is a scandal!" anang politiko.

"Why? Are you gonna tell anyone? Is your lover gonna tell anyone?"

Si Reme na mismo ang nagtakip ng bibig para walang tunog na lumabas doon. She stepped sideways toward the man, as if he can help her with the situation. Ni hindi niya alam kung anong tulong ang hihingin sa lalaki, sakali man. Siya ang na-stress sa nagaganap sa labas.

"He's not my lover," kaila ng congressman.

*Liar,* sa isip-isip ni Reme. They were holding hands!

"Oh, please, Martin. I've known before I married you."

"This is unacceptable!" anang congressman. "We'll talk in our room. Now!"

Lumabas ito, sumunod ang lalaki. Naiwan ang dalawang babae sa silid. Isinuot na ng isang babae ang panloob nito.

"Are you gonna be okay?" tanong nito kay Stacey.

"Yes. He's gonna throw a tantrum but I'm used to it. I'd offer to wear a strap-on, that ought to shut him up," anito.

Reme noticed that the man beside her found that funny, too. Gumalaw ang ulo nito nang bahagya. She could tell he was grinning. Hindi lang niya makita nang maayos ang mukha nito dahil medyo madilim sa loob ng closet.

"I didn't even make you come," Stacey's lover said.

"I'd deal with it. I need to go take care of Martin. Or we can lock the door and

continue fucking each other's brains out," teased Stacey.

"Lock the door? He opened it with a key."

Tumawa si Stacey. "Gagamitin din niya itong kuwarto, `tapos sa akin magagalit. God, I hate him so much sometimes. Naaawa lang ako dahil masyadong matagal nakulong sa closet, akala niya talaga straight na siya. He always acts like a jealous husband when we don't even have sex! What am I gonna do with my hot hole then? Baka magsara."

The women giggled. They seemed to really like each other. They seemed to care for each other.

Pero wala na siyang pakialam doon. Sana ay umalis na ang mga ito ng silid nang makalabas na sila ng lalaki sa closet. Sa wakas, lumabas na rin ang dalawa, matapos ang pangakong magkikita kinabukasan.

Agad siyang lumabas ng closet. She was perspiring. Agad niyang kinuha sa bag ang isang panyo at dinampian ang noo. She

looked at the man to say something but became speechless.

He was the most gorgeous man she had ever seen.

ALAM NA ni Reme na matangkad ang lalaki pero mas mataas ito kaysa sa inaasahan niya. He was wearing a pair of trousers, leather shoes, and a dark blue button-down shirt. Nakataas ang manggas niyon hanggang sa gitna ng braso nito. He was fit. Bakat ang katawan nito sa polong suot.

But his fit body was just a bonus. She can look at his face all day. Not necessarily her type, but gorgeous. He had facial hair, but it couldn't hide his strong jaw. He had piercing eyes, thick brows, high cheekbones. His skin was bronze, but his facial features were clear indications that he was not a hundred percent Filipino. *Very masculine* was the only way she could describe him. Ang kadalasang tipo niya ay iyong boy-next-door, clean shaven, preppy. The man looked like he didn't belong in an

office. He looked fine in his smart casual and quite fashionable as well, but his skin told her he liked the outdoors.

"I'm Emiliano," pakilala nito sa sarili, inabot sa kanya ang kamay.

"Oh," sambit niya, nawala sa loob kung ano ang sasabihin sana. "Reme."

"What's a cute girl like you doing in a closet?" He grinned.

Bigla siyang napatawa, kasabay ng isang irap. Gayunman, hindi niya magawang pigilan ang sariling pagmasdan ang bisig nito. He looked like he could choke a lion with those arms.

"I can ask you the same thing."

"Let's go before someone else comes in."

Agad siyang tumango. They walked out of the room. She wished she could say something else. In fact, she wished she could flirt with the man. Not that she didn't know how to, it's just that the timing was not good at all. Baka kung ano ang maisip nitong motibo niya.

But then, if he thought that she wanted some action, would that be a bad thing?

Bigla niyang sinaway ang sarili. No, she was not going to do that. It was cheap and risky. Hindi niya alam kung sino ang lalaki at lalong ayaw niyang kumalat ang balita sa circle niya na ganoon pala ang kanyang ginagawa. Besides, did she forget that she didn't come to that party alone?!

Tahimik lang ang lalaki habang naglalakad sila pababa ng hagdan. She was telling herself to say something. Hindi puwedeng ganoon na lang at maghihiwalay na sila. And why was the man not even getting her number? Was he married? Bigla tuloy siyang napatingin sa kamay nito. No ring. No tan line around his ring finger. Good.

Sa isang bahagi ng kanyang isip ay naitanong niya kung bakit kailangan nitong hingin ang number niya. Clearly, the man was not interested in her, otherwise, he would've already asked for it.

"Are you gonna be okay?" tanong nito nang makababa na sila.

"Yes," aniya. Tumango ito, tumalikod na. But something compelled her to say, "Wait!"

Pumihit ito, nakakunot nang bahagya ang noo.

"Uhm…" *Awkward. Say something. Ask him what he thinks about what you saw. No, that would be horrible. Say something now before he thinks you're weird.* But she couldn't find the words. "Nothing."

Bahagyang tumango ang lalaki at tumalikod na. He walked to the living room where all the mingling was happening.

She had to cover her mouth when she saw a woman come to him. Kumapit iyon sa bisig ng lalaki. It was the woman who just had sex with the congressman's wife. Sumisigaw ang isip ni Reme pero hindi niya magawang magsalita.

The man looked at her with an expression that she couldn't quite place. Mukhang hindi naman ito nagagalit sa kasama. Was it his

date? Probably. And she seemed to be flirting with him as well. Idinidikit nito ang dibdib sa braso ng lalaki. Hindi pa pala ito nakuntento kay Stacey, mukhang gusto pa ng kasunod.

The man gently placed his finger against his lips, as if to tell her to keep everything she knew a secret. He gave her a sly, mysterious smile, and walked away with the woman.

Noon tumunog ang phone niya. It was her mother. Tinatanong nito kung nasaan na siya. Sinabi niya. Agad naman itong dumating.

"Let's go, my dear. This party is starting to get boring."

Tumango na lang siya, hindi matanong kung kumusta ang senador na gusto nitong makausap.

"Are you all right, hija? You look pale."

"I'm fine, mom," sagot niya, walang balak ipaalam dito ang nasaksihan, lalong walang balak itanong kung sino ang lalaking nakasama sa closet kahit malamang na alam nito.

Naglakad na sila palabas. Panay ang tingin niya sa paligid pero hindi na nakita pa si Emiliano. She didn't even know his surname so how could she find him?

# Chapter Two

Muntikan nang mapaungol si Remedios nang mabasa ang *Mom* sa phone. She immediately felt guilty and answered it with a sigh.

"Mom, how are you?"

"I'm very sad."

"Oh, why?"

"Because my unica hija has forgotten that I exist."

Kapag ganoon ang mood ng mommy niya, alam niya nang naghahanap ito ng lambing. Hindi lang pala ang magulang ang kailangang mag-train ng anak para sa eventual na paglalayo ng mga ito, maging ang mga anak din sa magulang. Her mother simply refused to cut the cord.

Noong una ay wala iyong issue sa kanya dahil mahal na mahal niya ang ina pero dumating ang puntong parang hindi siya makapag-grow bilang tao dahil sa pagiging overprotective nito. It took her five years to even convince the woman to let her forge her own destiny.

It took her years to figure out what she really wanted in life. Alam niyang ang gusto ng kanyang ina ay ang i-manage niya ang mga negosyo nila pero wala doon ang puso niya. She was not a businessperson. She had a creative soul.

Her mother was a CPA-lawyer. Everyone was intimidated by Attorney Alejandra Ruiz. Hindi man sa mga korte ito kinatatakutan dahil hindi ito criminal lawyer, kilala ito bilang mahusay na negosyante, matalinong babae, at kayang humarap sa kahit na sino. Reme was very proud of her mom.

Pero kung ano ang ikinalupit ng kanyang ina sa ibang tao ay kabaligtaran naman sa kanya dahil siya ang nag-iisa nitong anak sa

pumanaw na asawa. Reme's father passed away when she was very young. Hindi niya ito naaalala at nakikita na lang sa mga larawan ng pamilya. Her mother never remarried. Duda siya kung mayroon pang ibang tulad ng kanyang ama.

She was a miracle baby. Noon pa man ay sinasabi na iyon sa kanya ng ina kaya overprotective ito. Wala na raw kasing pag-asang magkaanak ito noon, ayon sa mga doktor. Nagkaroon ito ng tumor at isa na lang ang mahinang obaryo. Walong taon na itong kasal sa kanyang ama nang biglang magbuntis sa kanya, isang milagrong itinuring ng lahat.

"Mom, please," pakiusap niya.

Bumuntong-hininga ito. "Hija, sana naman tawagan mo ako. I told you, you may call me at any time. Kahit sino pa ang kausap ko, sasagutin ko basta ikaw ang tumawag. It's been a week. Hindi ka man lang tumatawag sa akin. Ano na lang ang iisipin ko?"

"I'm sorry, Mom. I got caught up in my research."

"But how's the book coming along?"

"It's okay. I'm just doing some revisions and then it will be ready to go to the editor."

"Have you thought about what I said? That having an agent is still the best thing for you?"

"I told you, if you keep telling me how to do this, you won't be able to read my book," babala niya. She had to be "cruel" sometimes. Iyon lang kasi ang panakot niya sa ina. Ayaw kasi nitong tantanan ang mga paalala sa kanya, ang suggestions, ang gustong pagtulong. Alam niya na kung sasabihin niya sa ina, gagawa ito ng paraan para makakuha ng pinakamahusay na agent para sa kanya. Gagawin nito ang lahat para makapasok siya sa isang malaking publishing company. At kung sakaling hindi nito magugustuhan ang kanyang libro, siguradong kukuha ito ng magre-rewrite noon.

Her mother would do anything to make sure Reme saw success. Failure was not an option. It never was for Alejandra Ruiz. Iyon

ang toxic trait nito na alam ng madaming tao—the woman won't take no for an answer if she wanted something bad enough. And if there was something she wanted bad enough, it was always the best for her only daughter.

Ang problema lang naman doon ay wala nang gagawin si Reme sa mundo kundi ang umasa ng tagumpay mula sa ina, na malamang ay bilhin nito para sa kanya.

It took one heartache to make her realize that. Nang mag-break sila ni Thomas, ang fiancé niya, four years ago. Nagulantang siyang iniwan na lang siya nito basta dalawang buwan matapos ang proposal, with only a short letter to explain that he was no longer interested in being with her. Hinanap niya ito para lang itanong kung bakit, para malaman ang mga sagot sa katanungan niya.

She found him in a town in Ilocos region, managing a small business. She thought it was bizarre since he was a model. Nang mag-usap sila ay sinabi nito na hindi sila maggo-grow kung palaging nakabantay ang mommy niya

sa kanilang dalawa. She found out that their successes as a couple were all superficial, provided by her mother. Tulad na lang ng negosyo nila, ng mga offer ditong trabaho, at iba pa. Gusto man daw nitong maging matagumpay sa buhay ay hindi pala nito kaya ang maging robot ng kanyang ina.

Apparently, her mother pulled so many strings just to make it seem to her that everything in her life was peachy. The food business she started with her boyfriend was hemorrhaging money, the offers he was getting were called in favors, and her mother had already talked to Thomas to lay down the plan for their future.

Dahil daw hindi ito mula sa isang mayamang angkan, noong una ay natuwa ito sa lahat ng oportunidad. But then he felt suffocated. Sinabi raw dito ng kanyang ina na kung hindi rin lang ito susunod sa gusto ng babae, humanap na lang daw ng iba. Because she was expecting the man to make her only daughter happy forever.

Thomas made a choice. Unfortunately, it wasn't Reme.

Anong iyak niya nang malaman ang lahat. She was so mad at her mother, but at the same time understood her. Mula pa noong bata siya ay ganoon na ito, gusto na sumaya siya at iyon lang daw ang goal in life nito—to make sure that she had a good life. Naiisip lang nito na hindi siya sasaya kung ang buhay niya ay magiging mahirap. Alam niyang hindi sang-ayon ang kanyang ina sa boyfriend niya dahil sa financial status niyon. Thomas was lower middle-class, and her mother couldn't stand the thought that her only daughter would have to live in a small house far away from her. Kaya naisip nitong bigyan sila ng regalong negosyo.

Naiintindihan niya rin naman si Thomas. Na-realize ng lalaki na kahit na ano ang gawin nito, hindi mawawala sa buhay nila ang mommy niya. He would have to constantly please her, always afraid of what she might do to him.

Ilang linggo niyang hindi kinausap ang ina nang malaman ang lahat. Naawa lang siya rito dahil iyak nang iyak, nagkasakit na at naospital. But since then, Reme vowed to make her own life, to build it the way she wanted. Ilang taon bago niya unti-unting nakumbinse ang ina na kailangan niyang magkaroon ng freedom, ng space para gawin kung ano ang kanyang gusto.

Her mother finally said yes when she told her she needed to become a writer. And that she had to do it her own way. Ni hindi niya sinasabi rito kung ano ang kanyang pen name, kung ano ang diskarte niya sa publishing ng libro, kung ano ang genre. Totally, hindi nito alam. Dahil siguradong kapag nalaman nito, pangungunahan na naman siya. Hindi nito makakayang tiisin na hindi pakyawin ang libro. Sigurado ding magbabayad pa para sa matinding promotion niyon. Hindi na rin siya magtataka kung aalamin nito kung paano siya magkakaroon ng avid readers. Iyon ang dahilan kaya bukod

sa hindi niya sinabi rito ang mga gagawing hakbang ay lumayo rin siya para makapagsulat.

Her mother was suffocating her. Ang hirap dahil mahal na mahal niya ito at alam niya naman na siya na lang ang mahal nito sa buhay, pero kailangan niya itong tikisin. Pina-practice niya itong huwag siyang hanapin madalas. Ngayon ay nasa isang vacation rental siya. Sinubukan niya kasing magsulat sa bahay pero hindi siya matahimik dahil maya't mayang pinapatawag ng ina—kakain na, gusto ba niyang sumama sa ganito-ganyan, ano ang opinyon niya sa binili nitong damit.

It was almost as if the woman didn't want her to finish the book. Hindi niya alam kung bakit pero ganoon ang dating sa kanya. So she lived in a condo she purchased years ago. Ilang buwang pakiusapan bago siya nito pinayagan—kung hindi pa niya sinabi na kung hindi siya nito papayagan ay magtutungo siya sa Amerika at mag-stay doon nang isang buong taon.

Pero parang wala pa ring nagbago sa sistema dahil maya't mayang nagpapadala ng pagkain ang babae. She would always call her up, ask how she was doing. Kinukulit din siya nitong sabihin dito ang title at genre ng libro para daw maihanap siya ng editor at team na magpo-promote niyon.

She had it with her, so she left for the States. Iyak naman ito nang iyak at nangakong hindi na siya aabalahing maigi. Kaunti na lang daw. She agreed. She can't say no to her. Alam niyang siya ang buhay nito. Pero imbes na bumalik sa condo o sa bahay ay tumuloy siya sa Alfonso, Cavite.

Kahit mayroon silang properties sa Tagaytay, mas pinili niyang humanap ng rental. She wanted to be independent. She wanted to feel it, too. Mukha namang natuto na ang kanyang ina na hayaan siya sa gusto, kahit pa nga may mga panaka-naka pa rin itong tawag na ganoon, puno ng pagtatampo. But it was so much better than before. At may hinala siyang lalo pa itong masasanay kapag

nagpatuloy ang paglalapit sa isang bagong kakilala.

She heard from her mother's secretary that she went on a "business meeting" with a dashing businessman. Noon lang daw nito nakita ang kanyang ina na napapangiti sa kawalan.

Reme was hopeful. Kung ang ibang mga anak ay ayaw na makahanap ng iba ang mga magulang, siya naman ay gustung-gusto nang makahanap ang ina ng ikalawang asawa. Alam niyang mahirap iyong mangyari dahil bukod sa abot-langit nitong standards, nangako rin itong hinding-hindi na magmamahal uli.

She had asked her about it. Sa tuwina, ang sabi lang nito ay masyado raw mahirap ang mga relasyon at ang kanyang ama lang ang tanging nakaunawa rito. Besides, no one can possibly compare to her husband. Sinarhan na ng babae ang pinto at itinapon ang susi ng lock sa gitna ng laot.

But this new man seemed to want to fish it out from the depths of the ocean.

May tiwala siya sa ina. Alam niyang kung mag-aasawa itong muli ay iyong nararapat lang sa isang tulad nito. Someone who can calm her down, tame her. Hindi madaling makakita ng ganoong lalaki pero naniniwala siyang mayroon naman.

"Hija, when are you coming back to Manila?" tanong nito sa kabilang linya.

"Soon, Mom. Unless you've found a boyfriend you want to introduce to me," aniya, napapangiti. Hindi niya ma-imagine ang ina na kinikilig kaya sa totoo lang, hindi niya alam kung anong klaseng asawa ito sa kanyang ama. She heard her yaya say that her mother was a very understanding spouse, sweet, caring. Parang ang hirap ma-imagine pero na-realize niya na ganoon din ito sa kanya. Sa ibang tao lang talaga ito istrikta. "Dragon lady" nga ang tawag dito ng iba.

"Oh, please, hija. Hindi na ako interesado sa mga ganyan," anito, kahit pa nga parang walang conviction. "Kung ikaw ba, gusto mo

pang magkaro'n ako ng boyfriend? Sa edad kong ito? No, hindi na. Nakakahiya na."

"Mom, are you insane?"

"It's true. Ayokong matulad sa Auntie Nida mo," tukoy nito sa best friend, isa ring corporate lawyer na matagal nang biyuda at biglang nakatagpo ng British na asawa. Daig pa raw ang nagmumurang kamatis dahil biglang natutong magsuot ng mga pambata, um-attend ng mga concert, maagang nag-retire, at ngayon ay panay pose sa iba't ibang beaches sa mundo, nakalambitin sa asawa na parang teenager.

"Mom, hindi na uso ngayon ang ganyan. My God. I thought you keep up with the times, but you still think that women of a certain age shouldn't date anymore. Are you serious?"

"Well, it's just that it's been too long, anak. Nababasa ko nga sa mga article ngayon, ang dami-dami nang terms at arrangements, unlike before. Dati kasi basta nagmamahalan

kayo, `yon na! Now, it seems it's a lot more complicated than that."

"Mom, it never changes. Love is love. It doesn't see age. Date and get to know the man well."

"I suppose I can do that."

Muntikan nang mapatili si Reme. Sa wakas, nagsimula na ang kanyang inang i-introduce sa kanya ang sitwasyon nito. Ibig sabihin, lumalalim na ang pagtingin nito sa kung sinumang lalaki iyon. Hindi niya ito pinangunahan at baka maantala pa ang lahat. She wanted her mother to experience everything without any intrusion from her.

"I expect you to. It's about damn time. Go to my waxer, mom."

"Remedios!"

"What?" patay-malisya niyang tanong. "Don't tell me you don't want your legs waxed? Your eyebrows, too."

"Ang batang ito!"

Natawa siya. "Trust me on this, mom."

"Kung ano-ano ang pinaplano mo."

"I just want you to be comfortable."

"This conversation is getting very strange."

"You better call Auntie Nida and ask about delicate matters."

"Will do. Now, call me at least once every week!"

"Will do." Nagpaalam na rin siya rito at napangiti. Malaking improvement ang kanilang naging usapang mag-ina.

She finished her revision and then made herself a strawberry smoothie. Pumuwesto siya sa tapat na fireplace. It was a fully functional fireplace, which was strange to see in the country. Pandekorasyon lang siguro, o kaya ay nagagamit lang kapag December at January. Iyon daw ang mga pinakamalamig na buwan doon, ayon sa katiwala.

It was a huge farm, pero ang pinaparentahan lang ay ang bahay. Ang may-ari at katiwala ay mayroong sariling bahay na walking distance din lang ang layo mula sa bahay niya, pero hindi tanaw sa likod ng mga puno. It would take around fifteen minutes to

get there. Pero isang tawag lang niya kapag may kailangan ay agad na dumarating ang alinman sa dalawang katiwala, mag-asawang matandang babae at lalaki. Ang may-ari daw noon ay nakabase sa Maynila at dating nasa Amerika. Naisip niya na baka OFW o kung anuman.

She liked the peacefulness of the rental. Kahit mahal ay iyon ang napili niya dahil sa kapayapaan ng lugar at layo sa mga tao. She also liked the many places within the house that she could use to write. Kahit sa porch ay puwede, sa garden sa likod, maglakad lang siya nang kaunti ay mayroon nang mapupuwestuhang batibot. Mayroon ding ilog at maliit na man-made lake na puwede niyang marating gamit ang golf cart na libre niyang nagagamit.

The place was also safe. It had CCTV cameras, was well-lighted at night, and had easy access to security. Malakas din ang Wi-Fi doon. Kapag din may request siyang luto, madali nang nagagawan ng paraan ng

katiwala. Kapag din may gusto siyang kainin, kahit malayo ang tindahan ay kumukuha na lang siya ng transportation service para magpahatid doon. Hindi nakakapasok sa loob ang rider pero ang katiwala mismo ang naghahatid sa bahay.

It was a huge house. Malaki, maaliwalas, mataas ang kisame. It was the prettiest house she had ever stayed in. Gusto niya rin ng ganoong bahay pero saka na, kapag successful writer na siya.

She wanted to be one because she felt useless living without any real goal in life. Ayaw din niya ng buhay na lahat na lang ay binibigay ng mommy niya. Ever since Thomas left her, she realized that she was nothing but her mother's daughter. Ni wala siyang identity sa labas niyon. The respect she got from people came from their respect for her mother.

Hinanap niya ang sarili. One day, she realized what she wanted to be—a writer. Noon pa mang bata ay mahilig na siyang

magsulat. Hindi lang niya kailanman nai-consider na maging writer dahil hindi dumaan sa isip niya ang writing bilang profession. Maybe because her mother had always told her she would follow her footsteps. Pero iyon ba talaga ang gusto niya?

The answer was no. She wanted to write. Malayong-malayo iyon sa landas na inaasahan ng mommy niya para sa kanya, pero hindi ito tumutol nang ipaliwanag niyang doon siya magiging masaya. Sinabi din niya rito na kapag nasubukan na niya ang pagsusulat ay pag-aaralan din niya ang management ng kanilang mga negosyo.

Her mother told her to do what she wanted. Gusto rin daw nitong maranasan niya ang mga bagay na gustong gawin. She understood the power of dreams. So there she was, on her way to becoming a fiction writer.

Sumilip siya sa labas. It was such a lovely afternoon to spend indoors. Lumabas siya at nagpasyang mag-ikot-ikot. It was almost five in the afternoon. Pababa na ang araw pero

maliwanag pa rin. Sakay ang golf cart ay nagtungo siya sa bahay ng katiwala. Magpapaluto siya rito ng kaunting handa para bukas. She needed to celebrate. After all, she will be done with all her revisions tonight, which meant that her manuscript would finally be ready for beta readers and editors.

Nang malapit na siya sa bahay ay napansin niya ang isang lalaking walang pang-itaas sa tapat ng isang tree stump na alam niyang ginagawang sangkalan sa pagsisibak ng kahoy. The man was chopping wood.

She couldn't stop looking at him. Nakatagilid ito sa kanya, gumagalaw ang mga muscle sa pagtaas at pagbaba ng palakol. He looked kind of familiar somehow. Sigurado siyang hindi niya ito doon unang nakita. Wala siyang ibang nakikitang tauhan doon na ganoon ang katawan. She seldom saw people there. Ang sabi ng mag-asawang katiwala, malaki raw ang taniman pero makabago ang mga kagamitan kaya ilang tao lang ang maintenance, at seasonal lang.

So who was this hunk then?

Ipinarada niya ang golf cart ilang metro mula rito. He looked at her. Her heart pounded. Of course, she knew him. She had seen him before, and she was never able to forget him. Ever.

Emiliano, that was his name.

# Chapter Three

Reme couldn't stop looking at the man. He was captivating. The way his muscles moved as he drew the axe down…

She swallowed hard.

How long since she last saw him? Siguro ay may tatlong taon na rin. Hinanap niya ito pero hindi rin naman nakita. She must have spent two weeks trying to find him through social media. Ang mga um-attend sa party ng congressman na kakilala niya ay inisa-isa niya para hanapin ang lalaki. Kahit ang babaeng kasama nito ay hindi rin niya natagpuan.

She stopped looking for him because it started to feel bad, like she was stalking him. Na-realize din niya na nonsense ang ginagawa

niya. Kung mahanap man niya ito, ano ang gagawin niya?

But she wasn't able to forget him. Lalong hindi niya naisip na sa ganoong pagkakataon niya ito makikitang muli.

The man wiped his forehead with the back of his hand. Napatingin ito sa gawi niya. Humarap na ito sa kanya, nakahawak sa handle ng palakol, parang naghihintay ng paliwanag. It was only then that she realized she needed to explain herself since she had been watching him. Agad siyang bumaba ng cart.

"H-Hello," she said with a wave. Naglakad siya palapit dito. "Hinahanap ko si Manang Upeng?"

"It's you," he said, recognizing her.

"M-me?" patay-malisya niyang tanong. Kunwari hindi niya ito naaalala kahit mula nang magkita sila ay hindi na ito nawala sa isipan niya. In fact, she found one of the main characters of her book looking like him. Na-realize niya lang nang sinusulat na niya ang

love scene na hindi niya alam kung bakit biglang naging explicit. She had to delete the scene during revision. Hindi nga pala erotica ang sinusulat niya kundi epic fantasy with some romance.

"You've forgotten me, Reme?"

"Oh, right! It's you!" Nagpanggap siyang noon lang ito nakilala. She hoped she was not that horrible an actress. "Emiliano, right?"

"Yes." Nakangiting sinalubong siya nito. "How have you been?"

"I've been great. And you? How's your… Was that your girlfriend?"

Tumawa ito. "Yeah. Obviously, we've broken up since then."

"I'm very sorry."

Malapad ang ngiti nito nang magsalita. "It's been years. It wasn't anything serious. Hinahanap mo si Manang?"

Tumango siya, napapatingin sa nakalubog na bahagi sa magkabilang tagiliran ng pelvic region nito. Why did those obliques look obscene? O baka siya lang talaga ang

mayroong maduming isip. She had been desiring this man for years, something she had never known before. Hindi siya ang tipong nagkakaroon ng matinding desire para sa isang lalaki, but he had been the object of her fantasies for years. Every time she would feel the urge and satiate her thirst, he was the one she had in mind.

Kung malalaman lang nito, malamang na magtaka at maisip na obsessive siya dahil wala pang isang oras silang "nakulong" sa closet ay hindi na niya ito nalimutan.

"May I ask what you need Manang for? Nagsimba sila ni Manong, eh. Maybe I can help you."

"What are you doing here, Emil? May I call you that?"

"No problem. I stay here time and again."

"Oh. Are you related to Manang?"

"No. But I see them as family. Would you like to have something to drink or eat perhaps? Come."

*Stop it, Reme!* Kung puwede lang niyang

pagsabihan ang puso na tumigil sa pagwawala, sa pagkakilig na biglang bumalot sa kanyang sistema. She was very excited to be with this man, even for coffee.

Dinampot nito ang isang T-shirt sa mesang katabi ng tree stump. He put it on. Reme had to sigh looking at his gorgeous body. It was perfection. Hindi iyon malaki tulad ng sa mga body builder, hindi rin eksaherado, pero defined ang mga muscle, halatang nagdi-gym. That and good genes perhaps.

"I've always wondered," anito na nilingon siya nang bahagya, "what were you doing there that night?"

She blushed. "I was looking for an empty bathroom to freshen up. I saw them kissing in the hallway. I couldn't let them see me. I know the congressman's wife. How about you?" Mukhang hindi ito ang tipo ng lalaking magtatago para mahuli ang girlfriend na nagloloko.

"She messaged me–or I thought she did–

apparently, she missent it. Ang sabi magkita daw kami doon sa kuwarto. I was planning on surprising her, but I ended up being the one surprised. I never told her I saw her, of course."

"She probably knew if she saw the missent message. But how did Stacey know to go there if the message was sent to you instead?"

"She probably called her. I wouldn't know because I brought her home and told her I wouldn't be seeing her anymore."

"Stacey is still married to the congressman so maybe all's well," aniya.

"I don't know." Tumawa ito. "Naisama lang ako ni Brandy, the girl I was with. She told me she's Stacey's friend since high school. All-girls school."

Napatango siya. Enough about that circus though, she wanted to know more about Emil. "Madalas ka ba rito?"

"I go every month. You?"

"It's my first time, actually. It's going to be my second month tomorrow."

"Vacation?"

"Not really. I'm finishing my book." Bahagya siyang nahiyang sabihin iyon dahil hindi pa naman siya published writer. Ni hindi niya alam kung maganda ba ang naisulat niya.

"Oh, you're a writer?" He seemed impressed.

Lalo na siyang nag-blush. "Trying to be."

Wala na siyang ibang masabi tungkol sa pagsusulat dahil sa totoo lang ay wala naman siyang matatawag na experience, bukod sa ilang mga article na naisulat sa kung saan-saang websites. She also had a few short stories and around three fantasy manuscripts in fan fiction websites but that was it. Iyon lang ang matatawag niyang experience. She didn't even tell anyone about them although she had a group of readers. Ang mga iyon ang nagbigay sa kanya ng lakas ng loob na magsulat. Most of the time though, she still felt like a fraud. Alam din niyang malaki ang lamang niya sa ibang nagsisimula dahil

mayroon siyang puhunan. She can pay for good editors, covers, et cetera. Already, she was ahead that way.

Siguro, kabaligtaran ng sa ibang tao ang insecurities niya. Others lacked confidence because they did not have the resources. Siya naman iyong umiiwas sa mga papuri dahil hindi niya alam kung totoo ba iyon o sinasabi lang dahil iniisip na gusto niyang marinig. She had lived most of her life that way and it was hard.

She started questioning most of her relationships when Thomas left. Na-realize niya na hindi genuine ang pakisama sa kanya ng ibang tao. Once her eyes were opened, she couldn't close them again. Iyon ang dahilan kaya ginagawa niya ang pagsusulat nang patago, palihim. She wanted to know if she was good at it. She wanted to work behind a pen name. It's only through that that she would know the real score. Mag-aaral siya, gagawa ng paraan para mag-improve.

"What are you writing about?"

"Oh, just fiction."

"I love fiction. What kind?"

Nakagat niya ang ibabang labi. Bigla siyang napahiya. Hers was a genre most intellectuals frowned upon. Hindi siya nagsusulat ng socially relevant books. Pop fiction siya dahil iyon ang gusto niyang basahin.

"Fantasy with some romance elements," she almost whispered.

"Interesting."

"Do you like the genre?

"I can read it."

Natawa siya. Obvious naman na hindi ito nagbabasa ng romance. "You're very kind."

"I can read it," giit nito. "Does it have dragons?"

"A couple."

"Where can I get a copy?"

"Wala pa. Pero malapit na."

"I'm sure it's going to be good." Pumasok na sila sa bahay, tumuloy sa kusina. Mayroong nakahandang pagkain sa mesa. Inalisan nito

ng takip iyon. Nilagang kamote at saging, pandesal na nasa brown paper bag, iba't ibang palaman sa jar.

"Pasensiya na, ito lang talaga ang gusto naming merienda nina Manang."

"I don't mind. Ako na nga lang ang makikikain." Hindi pa rin siya nagla-lunch kahit hapon na dahil nalulong siya sa manuscript kanina. Hindi rin niya naubos ang smoothie.

"Doon ako sa labas magsasalang ng kape," anito.

Sumama siya sa labas sa halip na mag-stay sa loob ng bahay na kahawig ng tinutuluyan niya. Ang likod-bahay niyon ay malayong-malayo ang hitsura sa loob. Ordinaryong dirty kitchen, mukhang sinauna, at halatang madalas gamitin, hindi tulad sa loob na parang display kitchen lang.

Screen ang paligid ng dirty kitchen, kalang de-kahoy ang gamit, pero mayroon ding gas stove. Mayroong mataas na tree stump na chopping board sa tabi ng lababo. May

malapad na kahoy na mesa sa gitna, kung saan nakapatong ang lalagyan ng kutsara at tinidor. Ang upuan niyon ay mahabang bangko sa magkabilang panig. May mga pinatuyong dahon na nakasabit sa kisame, kasama ng mga bayong at basket.

May takureng isinalang si Emil sa stove. Habang hinihintay iyong kumulo ay inilabas nito ang mga pagkain na nasa loob kanina.

"Dito talaga ako madalas kumain pero kung minsan, pinapasok nina Manang kapag aalis sila. Baka gabihin na ang mga `yon. Baka dumaan pa sa anak."

"How do you know them?"

"Lumaki ako sa kanila."

"Kamag-anak ba nila iyong may-ari nitong farm?"

"I own this place."

"Oh." Napangiti siya. "Why didn't you tell me that sooner?"

"You didn't ask."

He was very down-to-earth. Kung puwede lang ay tumanghod na lang siya sa lalaking

ang sarap panoorin. Even the way he spoke, his mannerisms, the way he gestured with his hands fascinated her. He was very masculine, oozing with testosterone. God, was he sexy.

Mukha namang interesado rin ito sa kanya. He also couldn't stop looking at her. The tension between them was palpable. Hindi na yata magbabalik sa normal ang bilis ng tibok ng puso niya.

Nang kumulo ang laman ng takure ay nagsalin na ito ng kape sa mga mug nila. The aroma of coffee was strong, but her lust for the man was stronger. She couldn't understand why her underwear was soaked.

Pinagtuunan na lang niya ng pansin ang nilagang saba. Binalatan niya iyon, nilagay sa platito at sinawsaw sa asukal. Paborito niya iyon.

"Tell me more about your book," anang lalaki, umisod palapit sa kanya sa bangko. Now they were a foot away from each other.

"It's a story about a dragon t-tamer," she said.

His presence never left her consciousness, but she found herself telling him the story she couldn't even bring herself to tell her own mother. Something about Emil made her feel like she could tell him everything. And then it was his turn to answer her questions.

"Ang sabi ni Manang, nag-Amerika raw ang may-ari nito, parang iyon ang pagkakaintindi ko noon. Did you work abroad?"

"Army."

"Oh, you're a veteran!"

Tumango ito. She can picture him in military uniform. He would look so sexy. Naiinis na talaga siya sa sarili na para bang naging napaka… ano nga ba ang tawag doon? Napakamanyak! But she had been feeling this way for this man for years, it was impossible to stop herself.

"I have a confession to make," sambit nito mayamaya, nakatitig sa kanyang mga mata.

"What is it?" she asked, her voice a whisper.

"I've always thought about you for the past years."

"R-really?"

"Yes. Would it be too forward to tell you that I've always fantasized how it could've been if it were us on that bed."

She gasped. "E-Emil…"

"I'm sorry, I shouldn't have said that." He didn't look sorry though. In fact, he was still looking deep into her eyes.

And then he kissed her lips.